


# ANG PANGGAGAYA SA CRISTIANISMO

 Salamat po, Kapatid na Neville. Hindi maikakatwa na ang Neville trio ay isa sa pinaka mahuhusay na trio sa bansa. Oo, totoo 'yun. Tootoo 'yun. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Duda yata ako diyan.” Si Kapatid na Branham at ang kongregasyon ay tumatawa—Pat.]

<sup>2</sup> At ilan ang nakapakinig sa pagsasahimpapawid kahapon? Ako po'y matanda na't beterano nang mangangaral, lampas dalawampung taon na, at marami na akong napakinggan na mga pangangaral. Pero naniniwala ako na nakapakinig ako ng isa sa pinaka angkop na pangangaral para sa panahon na ito na kinabubuhayan natin, napakinggan ko po ito kahapon, sa ating pastor, na si Kapatid na Neville. Sa mga napalampas po 'yun, sayang po't malaking kayamanan ang napalampas n'yo. Yun nga'y katangi-tangi sa aking puso. At nung ang maybahay ko ay naghuhugas noon ng mga pinagkainan. . .

<sup>3</sup> Junie, tinutulungan ko ang maybahay ko, haya't di naman masyadong mabigat 'yun. Si Delores nga'y patutulungin ka sa paghuhugas, din. Kaya...[Tumatawa si Kapatid na Branham—Pat.]

<sup>4</sup> Habang tinutulungan ko ang maybahay ko sa paghuhugas ng mga pinagkainan, may punto na tumigil muna kami pareho, para lang—para lang mabanggit sa isa't isa, kung papaanong ang Panginoon ay ginagamit ang ating kapatid na ito, at dun sa mensaheng 'yun kahapon sa radyo. At isa nga 'yung kahanga-hangang obra maestra, na narinig ko kailanman. At lubos nga ang kagalakan ko na malaman, na ang isang ito—ang isang ito na ginagamit ng Panginoon para ihatid ang mensahe, ay isang kasama ko, sa gawain ng Panginoon. At, mangyari pong, haya't 'yung kuwartet, o 'yung trio, kahapon, ay talagang kahanga-hanga; at sila'y kahanga-hanga talaga, sa tuwina, at ganun din ang ating pastor. At ikinalulugod nga natin ito nang buo nating mga puso. At dalangin din natin na ang Diyos ay patuloy lang na mapasa kapatid nating ito sa tuwina, at ipagkalooob ang mga mabibisang mensahe na ito na kapwa sa awitin at sa Salita, sa pagpapatuloy pa ng panahon.

<sup>5</sup> At, ngayon, din, dun po sa pananalangin n'yo, na—na inyo pong ipinanalangin para sa amin habang nasa paghayo kami sa labas, ang Panginoon nga'y pinagpala 'yan nang sagana't, nang lubusan. At kami nga'y galak na galak na ipabatid 'yan, na maraming ginawa ang ating Tagapagligtas sa mga gawain na

'yun sa labas; nagligtas ng mga kaluluwa, at—at maging 'yung pananampalataya ng mga tao'y sapat na tumugon sa hinihingi ng kapangyarihan ng Diyos na magpagaling, at sila'y gumaling.

<sup>6</sup> At ngayon sa pag-usad namin paitaas sa mas mataas pang antas, ngayon kami'y hahayo uli sa labas, hahayo sa labas sa darating na sanglinggong ito, sa Lima, Ohio, sa mga Baptist, na tunay nga na inaasam namin ang pananalangin n'yo para sa—para sa gawaing ito sa Lima sa sanglinggong ito.

<sup>7</sup> At pagkatapos uusad kami mula roon, babalik at pupunta naman sa Evansville, Indiana, para sa isang gabi, sa a-tres na ito ng—ng Pebrero, sa Christian Business Men. May sinisimulan silang bagong sangay, at ako po'y magsasalita dun sa umaga. At pagkatapos pagdating ng gabi, kung di umuulan ng niyebe o masama ang panahon, para makabalik pa ako, buweno, ako po'y mananatili dun para sa mga gawain sa gabing 'yun. Kung hindi, ako'y paparito sa tabernakulo sa gabing 'yun, loobin ng Panginoon, sa a-tres ng Pebrero.

<sup>8</sup> Tapos, sa a-diyes hanggang sa a-disi siyete, sa Minneapolis naman. At sa a-disi sais, umaga ng a-disi sais, sa agahan po ng Christian Business Men. At kaya kami'y—kami'y nag-aasam ng isang dakilang panahon sa—sa agahan na ito, sa agahan pong ito, at ganoon din sa pagtitipon.

<sup>9</sup> Babalik kami, para magpunta ng Shreveport; pagkatapos sa Phoenix, Arizona, sa Madison Square Garden. At sa dakong 'yun sa ganap na pakikipagtulungan, ng lahat ng mga ministro ng Maricopa Valley Association, doon sa malaki't, magandang Madison Square Garden, doon sa Phoenix, magdadaos kami ng mga gawain.

<sup>10</sup> At pagkatapos, mula dun, sa San Fernando Valley naman, kasama sina Kapatid na Espinoza, kasama ang lahat ng mga Mehikano. At pagkatapos sa isang lawa, (nakalimutan ko lang), Lake Clear, nang tatlong gabi sa dako roon. At pagkatapos dun din sa Oakland, pagkatapos, sa maganda't malaking bulwagang bayan na nasa sampung libong tao ang maiuupo, na itataguyod ng Twin City Ministerial Association. Na, pinasalamatan nga natin ang Diyos, at idinadalangin na Siya'y magkakaloob ng dakilang pagbubuhos ng Kanyang pagpapala.

<sup>11</sup> Isa lamang pabatid mula sa sekretarya ko, pansumandali. Kita n'yo, kanina ko pa ito gustong alpasan. Ako'y. . . Sige. Oo, sabi rito'y may gustong makipagkita sa akin pagkatapos ng pagtitipon. Ilang mga ministro ang naparito, ang magkakapatid na Martin. Sige, kapatid, makikipagpulong ako sa inyo agad pagkatapos ng gawain, sa silid ng mga diyakono.

<sup>12</sup> Ngayon, ganoon na lamang ang pag-ibig ko sa Salita, dahil ang Salita ay ang Katotohanan ng Diyos. At nakikipag-usap ako kahapon sa aking. . . ating Kapatid na Cox, at Kapatid na babaing Cox. At iniisip ko na ang kapatid na lalaki. . . Siyanga,

nandito ang kapatid na lalaki ngayong umaga, at di ko lang alam kung narito rin si Kapatid na babaing Cox, o wala. Haya't may pinag-uusapan kami tungkol sa ilang mga bagay tungkol sa buhay-buhay Cristiano, kung ano nga ba ang kadalasang ginagawa ng mga Cristiano kapag sila'y nagkakasama. At, sa pag-uusap pong ito, nabanggit, 'yung tungkol sa pagsasalita, ng laban sa iba pang mga kapwa-kababayan sa Kaharian. Kung papaanong may naririnig tayong pagsasahimpapawid sa ilang mga pagkakataon, na talagang ginugutay-gutay ang isa pang kapatiran na magkasira-sira, at babanggitin pa ang kanilang mga pangalan, at—at sasabihin na di Cristiano ang mga ito, at kung anu-ano pa. Na, asal bata po ito. Yun nga 'yun. Sila'y parang mga bata. At ang dapat sana'y humusto tayo sa gulang. Siyanga. At, mangyaring, ang mga taong husto na sa gulang ay di ganoon ang kanilang pagsasalita. Tayo . . .

<sup>13</sup> Pero, haya't napag-uusapan nga namin 'yun, at ni Kapatid na Cox at ako. At sabi ko, "Buweno, napagpasyahan ko na sa puso ko na mangaral laban mismo sa kasalanan, sa kasalanan lang mismo. At akin nga 'yung ilalatag. At kung saan nga ito—ito—ito dapat na maiposisyon, ang Diyos ang—ang naglalagay po nito sa tama nitong posisyon."

<sup>14</sup> May maliit—maliit na batang lalaki, minsan, doon sa timog, may—may kuwento-kuwento nga noon, na ang bata pong ito ay minsang lumuhod sa hilera ng pilapil kung saan siya noon nag-aararo. At may—may dumaan na isang ministro at narinig ang maliit na batang ito na basta binibigkas lang ang alpabeto, "A, B, C, D," at ang mga kasunod pa, at nakaluhod siya, kaya 'yung ministro ay talagang nagtataka. Hayan nga't narinig niya 'yung maliit na bata na basta binibigkas lang ang alpabeto, at tapos sa dulo ay nagsabi ng, "Amen."

<sup>15</sup> At nung tumayo na 'yung batang lalaki, haya't, kinausap siya nung ministro, at ang sabi, "Iho, ako'y isang . . . lingkod ng Panginoon. At narinig kita na nananalangin, pero binibigkas mo lang ang alpabeto. At di ko—di ko maunawaan kung bakit binibigkas mo lamang ang alpabeto."

<sup>16</sup> Sabi niya, "Ginoo, di ko—di ko po kasi alam manalangin." Sabi niya, "Di pa po ako—di pa po ako nakakapanalangin kahit kailan. Pero may nanay at tatay ako na nananalangin, at sila'y napasa Langit na." At sabi, "Si nanay po, ako. . . namatay siya nung maliit na bata pa lang ako. Pero naaalala ko na siya'y napapakinggan ko na nananalangin sa tuwing may suliranin siya, siya'y dumudulog sa Panginoon, at siya'y nananalangin noon. At namatay siya nung ako'y batang-bata pa, di na niya ako naturuan kung papaano manalangin. At ako'y napunta sa kamay ng isang malupit na tao, na hinahagupit ako't sadyang minamaltrato ako. At ako'y—ako'y . . . iniisip ko po, na siguro, haya't pagkatapos kong matutunan ang aking ABC, marahil masakop ko ang lahat ng—ng mga salita at kung bibigkasin

ko ang lahat ng mga letra, na marahil ay magagawa Niya na pagsama-samahin ang mga letrang 'yun at mauunawaan ang gusto kong sabihin."

<sup>17</sup> Isa 'yung pananalangin nang may sinseridad. Tunay na magagawa Niyang pagsama-samahin ang mga letra. Hindi nga ito sa kung papaano tayo manalangin, sa ating mga labi, ito'y sa motibo ng ating puso, na bagay na dinirinig ng Diyos. Kung minsa'y hindi Niya dinirinig ang ating mga labi; ang dinirinig Niya ay 'yung ating intensyon, kung ano ang motibo ng ating puso.

<sup>18</sup> Kaya, nung napag-usapan namin 'yun, kahapon, ako nga'y labis na napangibabawan ng matinding emosyon, at mangyari pong narito tayo sa tabernakulo, ay magagawa ko marahil na magpahayag ng ilang mga bagay na nasa isip ko, na marahil ito ay may maitutulong o may pakinabang. At kung may masabi man akong anumang bagay na tila ba masakit, tunay na di ko—di ko po sinasadya ito na magkaganito, kung ito man ay taliwas sa paniniwala ng isang tao. Pero ihahayag ko lamang ito nang may—may pag-ibig, at hinahangad ko, marahil, na sikapin ko na ituwid ito. Katulad na lang po ng mga tao na di naniniwala sa Makalangit na kagalingan, at sa iba pa. At halimbawa'y di kayo naniniwala rito, haya't, ako'y . . . at ako nga'y sinasabi ko na akin itong pinaniniwalaan talaga, hindi nga—hindi nga ibig sabihin nito ay sinusubukan kong makipagtalo sa inyo, haya't sinisikap ko lang na ihayag ang bagay na ito sa mga—sa mga tunay na naniniwala rito; kung mauunawaan n'yo lang ang ibig kong sabihin dito.

<sup>19</sup> Ngayon, dalangin ko na maunawaan ito ng Diyos, alam ko po na nauunawaan Niya. Mauunawaan Niya; alam natin 'yan. Ngayon, may kausap ako na isang talagang edukadong lalaki na taga-Canada. At gaya ng nalalaman natin, ang mga taga-Canada ay sadyang . . . Kung may kakilala kayo, nagkaroon na kayo ng pagkakataon na makilala sila, sila nga'y mga iskolar, talagang malalim, ang karamihan sa kanila. At wala nga silang ganoong mga problema tulad ng mayroon tayo rito. At doon, nalaman ko na ang lalaki pong ito, haya't, di naman ganoong katandaan sa akin, nasa singkuwenta na siya halos, at talagang nag-uuban na, at 'yung bigote niya'y puti na, at, gayong, di pa siya lampas ng singkuwenta. At ang sabi ko sa kanya, "Kapatid ko," nung pumasok siya sa—sa silid kung saan ako naglalagi. Pastor siya sa isang—isang simbahan, sabi ko . . . tumingin ako sa kanya.

<sup>20</sup> At ilang mga taon pa lang ang nakararaan, sa Saskatoon, nung nagdaos kami ng mainam na pagtitipon na magkasama sa malaking arena dun, noong nagpapasimula pa lang ako noon sa mga pagi-ebanghelyo ko na mga pagtitipon, itim pa noon ang buhok niya sa ulo. Itim pa ang bigote niya. At siya ay . . . may dalawang anak na babae siya, at sila'y may asawa na ngayon at may mga anak na.

At kaya ang sabi ko, sa puso ko, “Oh, anong nangyari?”

<sup>21</sup> Sabi niya, “Kapatid na Branham, mga dalawang taon ang nakararaan, naisip ko na marahil tinawag ako ng Panginoon na magtungo sa Estados Unidos para sa—para sa gawain.” Sabi niya, “Nagpunta ako sa Kanlurang Baybayin, at nagkaroon ako roon ng kaugnayan sa isang pagsasahimpapawid na abot ang saklaw nila sa buong bansa.” At sabi niya, “Nung masaksihan ko ‘yung pagiging di nila matapat sa paggamit ng ipinapadala na pera roon,” sabi niya, “Ako nga’y, bilang isang Cristiano, di ko ‘yun maatim. Umalis ako. At ako nama’y naugnay sa isa pa na ganun din.” At sabi, “Para ngang nakawala ako sa kawaling pamprito’t napadpad naman sa mismong apoy.” At sabi niya, “Haya’t sunud-sunod na anupa’t marami pa akong natuklasan mga bagay,” at sabi, “na mga kahinaang natuklasan ko rito sa pulpito ng Amerika!”

<sup>22</sup> At sabi ko, “Kapatid, totoo ‘yan. Wala nga kaming gitna rito, kung tutuusin. Ang mayroon kami—kami rito ay alinman sa sadyang malamig na pormal at mapagwalang bahala, o di naman kaya’y sobrang panatiko. At wala nga kaming tamang-tamang gitna.” At sabi ko, “Ito’y—ito’y nakakalungkot talaga.”

<sup>23</sup> At sabi niya, “Tapos nung pagpunta ko pa rito.” At sabi niya, “Kapatid na Branham, nung pagkapunta na pagkapunta ko pa lang dito, at dun sa una kong pagmemensahe, bumantad na sa akin agad ‘yung pagkalampag ng piyano, at sige ‘yung tauban nung mga upuan. At,” sabi niya, “kaya para bang bigla akong napaisip.” At sabi, “Tapos, sa kabila ng lahat ng ‘yun, sinikap ko na ipangaral ang Ebanghelyo, na sadyang sa Salita lamang. At nung Ito’y kumilos,” sabi niya, “Ako... May kung anong bagay nga na kaiba, na nung ang Panginoon ay itinulot akong makapasok sa pahid at hatid-hatid ang... Dumating ang Espiritu Santo sa kalagitnaan namin na may hatid na pag-ibig. At ‘yung kapayapaan ng Diyos ay nagsimula ngang dumaloy sa buong gusali.”

<sup>24</sup> At sabi, “Pagkatapos nagsalita ako roon, ‘Ngayon, narito ang Espiritu Santo, at tayo’y sasamba ngayon sa Panginoon at itutuon natin nang husto ang ating mga buhay sa Diyos.’”

<sup>25</sup> At sabi, “May bigla na lang isang kabataang lalaki, na siya nga’y para bang kulang sa kaunawaan na anupa’t pumasok na lang basta sa pintuan, na kumaripas mismo sa pulpito. Sabi ng kabataang lalaki, ‘Amen, mangangaral! Tama ‘yan. Tingnan mo, may langis na umaagos mula rito sa mga kamay ko, mula pang kaninang umaga. Hallelujah! Sabihin mo sa mga tao na magsilapit dito, at sasaluhin ko itong langis na ito ng pampahid para magpagaling.’”

<sup>26</sup> Sabi niya, “Kapatid na Branham, sabi ko dun, ‘Iho, siguro’y maghanap ka muna ng mauupuan at manatili lang sa upuan.’”

27 At sabi, “Alam mo ba kung anong nangyari? Yung elder na nangangasiwa dun ang sabi sa akin, ‘Ikaw ang maghanap ng mauupuan *mo* mismo at ikaw ang maupo.’”

28 Sabi niya, “Papaano natin magagawa pa... Papaano mo nagagawa, o nagagawa ng mga mangangaral na nagsisikap na manatili sa posisyon sa pagitan ng dalawang pagkapanatiko na ‘yan, na balansehin ang pasan?”

Sabi ko, “Sa biyaya lamang ng Diyos.” Oh, grabeng dako nga!

29 At inilagay nung lalaki ang kanyang mga kamay sa kanya mismong mukha at napaiyak, hanggang sa, ang maybahay ko’t ako ay nakatayo roon noon, at ‘yung mga luha niya’y tumutulo dun sa binti sa pantalon niya. Sabi niya, “Kapatid na Branham, ako’y babalik na sa Saskatoon, para makaalis sa kaguluhang dako na ito ng masamang espiritu.”

30 At sabi ko, “Totoo naman ‘yan. Itong mga grupong ito dito sa Amerika, na mga pangsosyal, na mga intelektuwal na grupo, ay talagang naging laban na sa ibang grupo. At itong ibang grupo na ito’y napadpad na talaga sa kapanatikuhan hanggang sa, ang tunay na Ebanghelyo, ay napakahirap nang hanapan ng dako kung papaano ba ito dudulugan, at makadako sa mataas na kadakilaan nito.”

31 Mangyari nga, na haya’t sa pag-alis ko na roon sa bahay, matapos na makipag-usap ako kay Kapatid na Cox, at nasa daan na ako noon. Di nga niya alam ito, habang nakaupo siya rito ngayon. Na dun nga sa daan ko, sabi ko, “Panginoon, ‘yun nga’y sadyang totoo! At tunay nga na napakahirap, na sikaping ihatid ang tunay na Ebanghelyo sa mga tao, habang may hatak mula sa magkabilang panig, at sinisikap na manatili sa gitna ng daan, habang nakikipagbaka kami dahil diyan simula nung oras na ‘yun na ‘yung panulukang-bato’y mailagay.” Kita n’yo? Ngayon, at may ilang. . .

32 Sabi ko, “Papaano itong mga Amerikanong ito sa dako rito? Anong mangyayari sa kanila?” At para ngang May nagsalita sa akin, biglang nangusap sa akin, at ang sabi, “Anong ginagawa mo? Ano ba ito para sa iyo? Sumunod ka lang sa Akin.”

33 At ‘yung pangitain ay bigla na lang nanumbalik sa isip ko, ‘yung araw na inilagay ko ang panulukang-bato. Sa pagbalik ko sa bahay, binanggit ko ‘yun sa maybahay ko. Ilan dito ang naaalala pa ‘yung pangitain na ‘yun nung umagang ‘yun ng paglalagay nung panulukang-bato? Ang panulukang bato ay hayan nga’t nakalagay na riyan, dalawampu’t tatlong taon na ang nakararaan, sa palagay ko. At isa nga ‘yung. . .

34 Nariyan nga ako sa tawid ng kalsada rito, kagigising ko lang nung isang umagang ‘yun, mga bandang alas siyete noon, ng Hunyo nung ilagay ang panulukang-bato, sa palagay ko, o Hulyo po yata ‘yun. At nung umagang ‘yun, habang nakatanaw

sa pagsikat ng araw sa silangan, ako nga'y nagpupuri noon sa Panginoon, dahil ang tabernakulo noong mga oras na 'yun ay hayan ngang . . . itong panulukang-bato ay ilalagat na. Si G. Marcum at ang iba pa'y nagpunta rito, at marami sa kanila ang siyang naghukay nung patibayan, at iba pa. At ako'y ilalagay ko na noon ang panulukang-bato. May mga litrato kami, at iba pa, tungkol dito. At bawat isa ay maglalagay noon sa ibabaw ng panulukang-batong ito, ng parang maliit na kung anong munting alaala, at maging 'yung mga Katoliko ay nagsipunta at nagsipaghulog din dun ng maliliit nilang tanda at kung ano pa, anuman 'yung dala-dala nila noon, doon sa panulukang-bato.

<sup>35</sup> Pero nung umagang 'yun, sinabi sa akin ng Espiritu Santo, habang nakalagi ako roon. Ako'y bigla na lang . . . Nung mga panahon na 'yun, di ko pa noon alam na ang tawag pala dun ay pangitain. Ang sabi ko'y nawalan lang ako ng ulirat. At nakita ko nga ang pangitain na ito na nangusap sa akin at nagsabi na ang gawain ko ay mapapalagay sa gitna ng dalawang sanga ng mga Pentecostal, ang trinity at ang oneness, at may espasyo dun na walang laman sa magkabilang panig na kinakailangang mapunan. Hindi ko sila pinaghugpong. Bumali ako sa bawat puno at itinanim ko 'yun. At doon sa kalangitan ay tumaas ang mga naglalakihang puno na ito, mabilis ang paglago, at 'yung mga bunga nila ay nagsilaglagan, at kay sasarap ng mga ito. Kinakain ko. At doon sa pinagkrusan, sa harapan ko lang, ang kabuoan nun ay natatakpan ng mga bunga.

<sup>36</sup> At pagkatapos nung makadako na ako sa puntong 'yun, ang Espiritu Santo'y bumaba sa ibabaw ng mga puno at ang sabi, yinuyugyog 'yun at umuugong, at sabi Nito, "Ganapin mo ang gawain ng isang ebanghelista." Sabi, "Sa paglabas mo rito, basahin mo ang Ikalawang Timoteo 4." Sabi, "Ganapin mo ang gawain ng isang ebanghelista. Hindi rito ang tabernakulo mo." At sabi ko, "Saan . . ." At nakita ko nga itong tabernakulo kung papaano ang itsura nito ngayon.

Sabi ko, "Saan po ang aking tabernakulo?"

<sup>37</sup> At pinaupo Niya ako sa ilalim ng maaliwalas na bughaw na langit. At ang sabi Niya, "Ganapin mo ang gawain ng isang ebanghelista. Ganapin mo ang iyong pagmi-ministryo nang buong-buo. Dahil darating ang panahon na di na nila titiisin ang magaling na Aral; bagkus magsisipagbunton sila para sa kanilang mga sari-sarili, ng mga guro, na may kati sa tainga, at hihiwalay mula sa Katotohanan, babaling sa katha."

<sup>38</sup> Anupa't hindi ba't 'yan mismo ang nangyayari, salita bawat salita! Yan ang dahilan kung bakit sinisikap ko na mahigpit na makapanatili sa Salita. At 'yan ang paksa ko mamayang gabi, "Sa Salita!"

<sup>39</sup> Ngayon, sa umagang ito, sa biyaya ng Diyos, gusto ko pong tumalakay ng isa pang paksa. Pero bago natin talakayin 'yan,

habang bumubuklat kayo sa Ezekiel sa ika-6 na kabanata. Nais ko pong sabihin ito, ang Bagay na ito, bilang panimula. Saan mang dako, ay sinisikap kong manatiling nakalinya sa Salita. Kaya, ipanalangin n'yo ako na lagi akong makapanatiling tapat sa Salita. Siyanga: sa Salita! Sige po.

<sup>40</sup> Ngayon, sa Ezekiel, sa ika-36 na kabanata, at gusto nating magpasimulang bumasa sa ika-26 na talata.

Isang bagong espiritu at *isang bagong puso . . . ang ibibigay ko sa inyo, . . .*

<sup>41</sup> At pagkatapos sa ika-27:

At *aking ilalagay ang aking Espiritu sa loob ninyo, at palalakarin ko kayo ng ayon sa aking mga panuntunan, . . .*

<sup>42</sup> Ngayon maaari lang pong iyuko natin ang ating mga ulo bago lamang natin pasimulang talakayin ito.

<sup>43</sup> Makalangit naming Ama, sa araw na ito, nang may mga pusong puspos ng pasasalamat, ay taimtim at mapitagan po kaming dumudulog sa sagradong sandaling ito, na sa panahon, at sa kung papaanong paraan ay mabatid namin na haya't ang mismong oras na ito ang magdedetermina ng Walang Hanggang patutunguhan ng isang kaluluwa na nakaupo ngayon dito! At ang halaga ng kaluluwang 'yan ay inihahambing sa makailang libong mga mundo. Kaya dumadalangin po kami, Ama, na Iyo pong itutulot na kami'y makadulog nang mapitagan, taimtim, at nasa saloobin ng pananalangin.

<sup>44</sup> At gayundin, marahil may mga taong nakaupo rito na may sakit, na, sa araw na ito, na sa kanilang saloobin na kanilang tinanggap sa pamamagitan ng Salitang ito, ay magdedetermina kung gaano pang katagal ang ilalagi nila sa mundong ito. Kaya napagtatanto namin ang kataimtiman ng mismong mga sandali na ito.

<sup>45</sup> At hinihiling namin na ang Iyong dakilang Presensya ay pahiran kaming lahat, yamang nakikita namin na kami'y mga panlalupang mga tao, na Iyong hinango kami mula sa lupa na ito, at sa lupa ay kami'y babalik. At tanging sa pamumuhay lamang namin dito sa makalupang sisidlan na ito, ay haya't kami'y may pribilehiyo na paglingkuran Ka, at maakay ang iba pa sa Iyo. Kaya hinihiling namin na Iyong itutulot na ang aming mga puso'y maipasakop sa Iyong Salita, at nawa ang Espiritu Santo ay dalhin ang Salita at ihatid Ito sa amin ayon sa amin pong pangangailangan. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus, na Iyong minamahal na Anak. Amen.

<sup>46</sup> Kung pamamagatan ko . . . sa kaunting sandali, sa umagang ito. Sinabi sa akin ng maybahay ko nung isang araw, ang sabi, "Billy, kung magagawa mong paikliin ang iyong pangangaral ng



trenta minutos, sa halip na dalawang oras at trenta minutos, sa palagay ko mas magiging epektibo ito.”

47 At sabi ko, “Gayong lubos kitang kamahal, at gayong alam ko naman na totoo ‘yan, pero, kita mo, wala nga akong ibang inaasahan na mangunguna sa akin kundi ang Espiritu Santo.”

48 At wala nga akong ibang nalalaman kundi mangusap lang hanggang sa inuudyukan Niya ako na magpatuloy pa, kaya sa ganoong paraan ko po ito gagawin. At kung hihinto nga ako, habang Siya’y nagpapala pa, at kung di na nga Siya magpala, haya’t magiging miserableng tao ako, at ganun din ang mga tagapakinig ko; at ganoon nga ito sa bawat iba pang ministro na nangungusap sa pamamagitan ng inspirasyon.

49 Heto ngang ang paksa ko, sa umagang ito, kung bibigyan ko po ito ng pamagat dito: *Ang Panggagaya Sa Cristianismo*. Panggagaya sa Cristianismo!

50 Sa mga Kasulatan dito, na siyang Salita ng Diyos, may mababasa tayo rito na ang propeta, ay nangusap siya tungkol sa isang panibagong araw. Ngayon, si Ezekiel ay nagsasalita rito ng propesiya, o paunang sinasalita niya kung ano mismo ang magaganap sa isang kapanahunan na parating, na hindi sa kapanahunan niya.

51 Mangyaring, ang isang propeta ay isang tagakita, at ang pakilala pa nga, dito sa Biblia, ay agila na pumapailanlang nang napakataas sa ere. At sa pagtaas ng pagpailanlang mo, mas malayo mismo ang natatanaw mo.

52 Kaya, itong agila ay mas mataas ang pagpailanlang niya kaysa sa anupamang ibang ibon. Walang ibang ibon ang may kakayahan na sumabay sa agila. At wala ring mata na tutulad sa mata ng agila. Ang lawin nga’y di papantay sa paningin nito. At di rin kaya ng lawin na tagalan ang—ang taas na nararating na kayang liparin ng agila. Mamamatay at mamamatay siya. Wala siyang. . . Wala siyang pagkayari na tulad dun sa agila.

53 Ngayon, ang lawin ay isang ibon, at ganun din ang—ang iba pang mga ibon, pero ganoon ang pagkayari sa agila dahil isa siyang ibon na mataas ang pagpailanlang. At magagawa nga niyang pumailanlang nang sobrang taas hanggang sa matanaw niya ang mga bagay-bagay na di natatanaw ng iba pang mga ibon, dahil siya’y mas mataas mismo. At, ang Diyos, sa pagkaka yari sa agila, ginawa ang agila sa layunin na ’yun, dahil ang pugad niya ay mas mataas kaysa sa iba pa. Yung maliliit niya na mga inakay ay nandun mismo sa mataas na pugad na ’yun, at ang pagkain nila ay nasa lupa naman. Kaya, para makita ang bagyo, o ang kaguluhang parating, ang agila, para siya’y makaligtas, ay kinakailangan na pumaitaas nang mas mataas, para magawa niyang protektahan ang maliliit niyang inakay.

54 At inihalintulad ng Diyos ang propeta sa agila na magiging ganoon mismo ng pagkayari ng isang propeta. Siya ay isang—

isang tagakita, na, sa Espiritu'y, aakyat lampas sa emosyon ng iglesya. Nilalampasan niya ang ritmo ng musika. Nilalampasan niya ang pagpapalampak ng kamay. Nilalampasan niya maging ang kagalakan sa gitna ng mga banal. Nilalampasan niya ang lahat ng mga 'yun. Dinadala siya ng Diyos sa dakong 'yun nang siya lang, siya lang. Pagkatapos bubuksan ng Diyos ang mata ng naturang propeta, at ipahihintulot ng Diyos na tumingin ang propetang ito sa paligid at tingnan niya ang mga bagay na parating. Pagkatapos ibabalik ng Diyos ang naturang propeta sa ibaba rito uli, sa piling ng mga bahagi ng katawan, para paunang sabihin sa kanila ang mga bagay na nakatakda nang maganap.

<sup>55</sup> Kaya, mangyaring kinuha mismo ng Diyos si Ezekiel at dinala, sa pinaka taas, sa kataas-taasan, at ipinakita sa kanya ang buong paligid, ng dalawampu't anim na daang taon. Isipin n'yo' yun. Ngayon, at binigyan siya ng . . .

Ang isang—isang propeta ay kaloob din ng kaalaman. Ang kaalaman ay . . .

<sup>56</sup> Katulad nga sa isang abogado, na nag-aaral ng mga aklat. At kung kayo nga ay kukuha ng abogado para ihain ang inyong kaso, ang tinatanggap niya lang ay 'yung may kaalaman siya, at inyo nga siyang binabayaran sa kung anong nalalaman niya, para iharap ang inyong kaso sa harap ng hukom.

<sup>57</sup> At, ngayon, ang isang kaloob ng kaalaman, sa Biblia, ay propesiya, na pumapaitaas at tinutuklas kung anu-ano ang mga bagay na ito na parating, at ibabalik sila sa ibaba uli. Pero kinakailangan nga nilang ihambing 'yun sa Biblia, sa Aklat. Kung ang mga 'yun ay wala sa Aklat, kung ganoon ang mga ito'y di tatanggapin, dahil ang isang Hukom ay humahatol sa pamamagitan ng Aklat. Nakikita n'yo ba ito? Kaya kailangan naroon 'yun sa Salita.

<sup>58</sup> Mangyari ring, ang Salita ay binigkas na ng Diyos bago pa itatag ang mundo. Di nga ito parang ang Diyos ay magsasalita at magsasabi ng isang bagay sa propeta sa oras lang na 'yun. Ito nga'y ang propeta'y sinasalo kung ano ang bagay na sinalita na noon ng Diyos, dahil ang Salita ay nandun na mismo bago pa itatag ang mundo. Sinalita na ng Diyos ang Salita, at naroon nga Iyon na nakalagay na, nakalatag na, sa panahon. At ang propeta'y papaitaas at makikita niya ang panahon na' yun na parating. Kaya, isa lamang itong kaloob ng kaalaman, na dala-dala niya pababa, at isinusulat niya roon sa papel.

<sup>59</sup> Ngayon, si Ezekiel, na propeta, siya'y pumaitaas at nakita niya ang araw na kinabubuhayan natin. Oh, grabeng pag-akyat 'yun sa hagdanan ni Jacob! Ang paunang makita kung ano ba ang magaganap, at kanyang dinala 'yun pababa, at sa huling mga taon na ito, ang huling dalawang libong taon, na si Ezekiel nga'y nabuhay ng mga anim o walong daang taon bago ang Pagparito ni Cristo.

60 May pusong bato sila roon. At, sa ganoon, ang Espiritu Santo ay di makapasok sa pusong ganoon. Wala Siyang paraan para makapasok sa ganoong puso, dahil 'yun ay makasalanan. At ang mayroon lang noon ay ang pagbabayad lamang sa pamamagitan ng dugo ng isang hayop, na nakalapag dun sa pagitan ng mabatong puso at ng Manlilikha. Mangyaring nung panahon na 'yun ay 'yung dugo ng hayop na 'yun, ay isang panghalili, siyanga, pero ito nga'y isang anino lamang, o isang tipo, ng tunay na Dugong darating. Mangyaring, 'yung buhay na naroon sa selula ng dugo ay buhay ng hayop, na hindi tumutugma sa espiritu ng tao, dahil ang buhay ng hayop ay walang kaluluwa sa loob nito. Pero ang buhay ng tayo ay may kaluluwa siya sa loob. Kaya, samakatwid, di sila puwedeng maglakip; na parang langis sa tubig. Pero nung dumating ang Cristo at namatay, at ngayon ang Dugo ni Cristo, ay nabubo sa Kalbaryo, na sa loob ng selulang Dugo na 'yun ay wala nang iba pang nakahimlay dun kundi ang Buhay mismo ng Diyos. Nakikita n'yo?

61 Pansinin. Kaya naman ang mananamba ay makalalapit na sa harapan ng Diyos na taglay na ang naaangkop na Dugo na ito, na inilaan na, itong Dugo ng Manunubos na tumutubos sa atin. Nailagay n'yo ang sarili n'yo sa bahay sanglaan, dahil sa pagkakasala; inilagay kayo ni Adan sa bahay sanglaan. Pero dumating si Cristo, at Siya ang inyong Manunubos, at kayo'y kabilang na kay Cristo. Ibinigay kayo ng Diyos kay Cristo, bilang kaloob ng pag-ibig para sa Kanyang sakripisyo. At kayo nga'y dinala kay Cristo sa pamamagitan ng Espiritu Santo Na humikayat sa inyo sa pamamagitan ng Dugo ng Panginoong Jesus, at iprinesenta sa Kanya bilang isang kaloob. At ganoon na lamang ang pag-ibig Niya sa Kanyang mga kaloob, at di nga Niya maaatim na sila'y mapapahamak.

62 May isang ministro po na nagtanong sa isa pang ministro, nung isang araw. Na, ngayon ipagpaumanhin n'yo po ito, may kaunti lang itong sariling Aral ko, pero dito nga sa tabernakulo ay tinalakay natin 'yun.

63 Ngayon, tinanong ng isang lalaking ito 'yung isa pa, nung isang araw. Sabi niya, "Naniniwala ka ba . . . Diba't naniniwala ka na kung ang isang tao'y minsan nang naging anak ng Diyos, ipinanganak sa Espiritu ng Diyos, nahugasan sa Dugo at ganap nang tinubos ng Diyos, sa pamamagitan ng pagbabago sa puso ng tao, sa pamamagitan ng paghuhugas sa tubig, ng Dugo, sa pamamagitan ng Salita, at naging anak na ng Diyos; sa palagay mo ba ang taong 'yun ay magagawa pa niyang magkasala at humiwalay palayo sa Diyos, papunta sa isang dako na ang tao na ito'y maliligaw?"

64 At 'yung ministro, nung sumagot, dahil isa siyang mahusay na mag-aaral ng Biblia, ang sabi, "Sasagutin ko ang tanong mo kung sasagutin mo ang tanong ko. Sa palagay mo ba ang isang taong sadyang napakabuti, na anupa't di siya nagsisinungaling,

nagnanakaw, o gumagawa man ng masama, pero hayan nga na sa kabila ng pagiging mabuti niya ay tatanggapin kaya siya ng Diyos sa Langit na wala ang Dugo ni Cristo?” Siyanga nama’t, hindi.

65 Hinding-hindi ka makapupunta sa Langit nang wala ang Dugo ng Panginoong Jesus, kahit gaano ka pang kabuti. Isa lamang itong pagpapakatuwid sa sariling pagsisikap. At di nga tayo makapupunta sa Langit ng batay lamang sa sariling sikap na pagpapakatuwid, kahit na gaano ka pang kabuti. Ganap nga na imposible na makapupunta ka sa langit sa sarili mo lang na kabutihan.

66 Ang habag ng Diyos ang tumubos sa iyo dun sa Kalbaryo, at kayo’y mga kaloob ng pag-ibig ng Diyos kay Cristo. At kung ang Diyos ay nagbigay ng—ng kaloob kay Cristo, di iwawaglit ni Cristo ang kaloob na ito sa Kanya. “Ang lahat ng lumalapit sa Akin, ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin, at walang mawawala sa kanila. Ibabangon Ko sila sa huling araw.”

67 Ngayon, marahil kayo nga’y nadadala ng inyong emosyon. Marahil may langis ka kamo na dumadaloy sa mga kamay mo, o nakapagsasalita ka ng iba’t ibang wika, o nakapagsasayaw sa Espiritu, o nakikianib sa iglesia, o sa kung anong mga bagay na pambihira sa panahon ngayon, at ikaw ay maaari pa ring mawaglit, tunay ’yan. Ganoon po. Pero kung kayo ay kaloob ng pag-ibig ng Diyos kay Cristo, kayo’y ligtas.

68 Ngayon, ang buhay mo ang magpapatunay kung ano ka nga. “Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala mo ito.” Kung pinipilit mo lang na umakto sa sarili mo na isa kang kalugud-lugod at mapagpakumbaba, at kung ano pa, nasa labas ka pa rin ng Kaharian kung ganoon. Hindi ito. . . Sa sarili mo lang na gawa ito kung ganoon.

69 At diyan nga na ang iglesia, ang mga tao, ang tinaguriang iglesia, ay lubos na nabigo, dahil dun sila nakalagak sa sarili nilang personal na gawa na pakiramdam nila’y karapat-dapat sila sa kabutiha’t biyaya ng Diyos, na dun daw ’yun nakabatay sa kung anong ginagawa nila at kung papaano sila mamuhay. Pero wala nga ’yung kinalaman na maski isang bagay dun. Isa ’yung kaloob ng Diyos. Yung sariling udyok ng konsiyensya mo na maglalayo sa iyo dun sa impyerno ang magpapaging sa iyo, o ’yung paglayo mo mismo sa impyerno, ang ibig kong sabihin, ay magbubunsod sa iyo na sikapin mo sa sarili mo na mamuhay nang mabuti’t maging tuwid. Ang isang mabuting mamamayan ay gagawin niya ’yan, at di ibig sabihin nun ay Cristiano na agad siya. Marami na akong nakitang kalalakihan, na anupa’t tinatanggihan ang Pangalan ng Panginoong Jesus, na maiinam na mga tao; ibig sabihin lang n’yan, may pagkatao.

<sup>70</sup> Tingnan n'yo nga kung papaanong mas mainam na lalaki si Esau kaysa kay Jacob. Pero wala nga siyang pagkaunawa na malaman na kanyang naibenta pala ang kanyang karapatan sa pagiging panganay. Dahil, kanya 'yung ipinagsawalang-bahala, at initsa-puwera sa harap mismo ng Diyos; na malayong mas mainam na lalaki, at isang mabait na kapitbahay, at isang—isang lalaki ng mga magandang gawa, kumpara sa kung ano si Jacob. Si Jacob nga'y, sa pangalan pa lang ay mang-aagaw na. Alam n'yo ba kung ano ang isang *mang-aagaw*? Isa ngang manlilinlang. Kaya sa—sa . . . At, pero, si Esau ay isa mismong kagalang-galang na ginoo, kahit saan mo tingnan.

<sup>71</sup> Pero, si Jacob ay may pagpapahalaga sa karapatang 'yun sa pagkapanganay. At kahit na anupaman ang ibansag sa kanya ng kung sino-sino, kung sasabihin ko nga ito, ipagpaumanhin n'yo ang katagang ito, binabansagan nga nila siyang, “holy-roller, panatiko,” o anumang gustuhin nilang ibansag, pero siya nga'y may pagpapahalaga sa karapatang ito sa pagkapanganay. Yun mismo ang buo niyang hangad. Kahit na gaanong kalaki man ang kabayaran nun mula sa kanya, ang hinahangad nga niya'y ang pagkapanganay.

<sup>72</sup> Ngayon pansinin, ngayon, ang katangiang bumubuo mismo sa iglesya. Ngayon, kung ang bumubuo lamang sa iglesya ay pawang . . . Kung ang Katawan ni Cristo ay kinukontrol lamang ng mga intelektuwal, mga teologo, mga unawang pangkaisipan lang, haya't kung ganoon ay umaasa lamang tayo nang buo sa intelektuwal na kaalaman ng tao. Hayan nga't hayaan n'yong masabi ko ito nang malinaw . . . Kung ang iglesya ay aasa lang sa intelektuwal, o kung papaanong may kakayahan ang tao na isaayos niya ang iglesya, at magpatayo ng malalaking dakong sambahan, at malalambot na mga upuan, at may libo-libong dolyar na bakal na organ, at sa kung papaano niya ipangaral ang mensahe niya sa paraan na—na talagang mahihikayat ang mga tao na pumasok sa simbahan, at makianib sa iglesya; at kung mas maraming miyembro ang maisusulat sa aklat, kung—kung mas marami, higit na pagpapala raw 'yun sa Langit.

<sup>73</sup> Ngayon, gusto kong—gusto kong makuha n'yo ito, at huwag n'yo sanang mapalampas ito. Kung ang kailangan lang natin ay intelektuwal na kaisipan ng tao, aba'y di pala natin kailangan ang Espiritu Santo kung ganoon. Kung ang iglesya'y basta na lang pauusarin o pamamahalaan ng batay sa intelektuwal lang, sa pang-edukasyon na programa, at batay sa kaisipan ng tao, di natin kailangan ang Espiritu Santo kung ganoon. At kung ang Espiritu Santo ang hahayaan natin na magpausad nito, hindi natin kailangan ang pagka-intelektuwal. Dahil ito'y alinman dun sa isa o 'yung kabila.

<sup>74</sup> Ngayon, mga pangkaisipan na emosyon, ngayon, may pag-aasam tayo na kung magagawa natin, “Kung ang kalalakihan nga'y mas matalino, mas intelektuwal, mas maraming pagi-

eskuwela, mas maayos ang pagbabaybay ng mga pangungusap, kung ganoon ay mas mainam ang iglesya, mas mainam ang mga tao roon.” Yun bang may magprepresenta dun ng programa, at sasabihin, “Ngayon magtatayo tayo ng mas malaking iglesya. Tatawagin natin ito sa ganitong pangalan. Aakitin natin ang atensyon ng mga tao, sa buong siyudad, sa pagpapatunog pa lang ng mga kampana natin tuwing Linggo ng umaga, doon sa ating matulis na taluktok. Maaakit natin ang atensyon ng mga mahihirap, ng mga naliligaw na makasalanang, na nasa lugmok, kapag nakita niya na nananamit tayo ng sadyang maiinam na mga pananamit; kapag nakikita niya kung papaanong naayos ng mga kababaihan natin ang buhok nila, na ang mga babaing mahihirap ay makikita nila kung anu-anong klaseng ayos ang nagagawa ng mga kababaihan natin sa buhok nila, na kung gaanong kagaganda na mga sumbrero ang isinusuot nila. At kapag naipresenta natin ito sa mga tao, ang mga mahihirap at mga nagugutom ay pupunta kung ganoon sa ating—ating mga pagtitipon at magkakaroon ng paghahangad na maging tulad sa mga kababaihang ito. At ’yung mga lalaki’y makikita nila kung gaanong kagagandang mga amerikana ang suot-sut natin, at kung papaano tayo magsipanamit, at kung papaano . . . kung anong mga kotse ang sinasakyan natin, at kung ano mismo ang ginagawa natin, at kung ano ang katayuan natin sa sosyal na mga may kaya sa siyudad, sa Kiwanis at sa iba pang samahan, at sa mga bagay na kinabibilangan natin. Makikita nila ’yun, sila . . . at pagkatapos ang mga—ang mga mahihirap at ang mga di nakapag-aral ay magsisipunta rito’t maghahangad na dalhin din nila ang mga anak nila at papag-aralin sila, nang sa gayon sila’y maging miyembro ng malaking lipunang ito na tinatawag na iglesya.” Ngayon, kung ’yan sana ang programa ng Diyos, tama sila. Pero hindi ganyan ang pagkakasabi ni Jesus sa bagay na ito.

<sup>75</sup> Sinabi ni Jesus, “Kung Ako’y itinaas, ang lahat ng tao ay palalapitin Ko sa Akin.” Kaya, ang paraan sa pamamagitan ng pang-edukasyong programa ng mundo, na ayos lang naman, ito nga’y ayos lang basta hindi nito isinasantabi Ito. Pero ang tao nga’y di pinalalapit kay Cristo sa pamamagitan ng mga bagay na intelektuwal, ng teolohiya. Ang Espiritu Santo, lamang, ang tanging kapangyarihan ng Diyos na nagpapalapit. Hamak na mahirap man ay di ito matatanggap, at maging mayaman man ay di ito matatanggap, maliban na maging hamak muna sila sa mga bagay na ito ng sanlibutan. Si Cristo, na mayaman, ay naging hamak, nang sa gayon sa Kanyang kahirapan ay maging mayaman tayo. “Ang nagmamataas sa kanyang sarili, ay ibababa; at ang nagpapakababa ay itataas.” Nabaligtad nila ang bagay na ito. Ang sinisikap nila’y papasukin ang mga tao sa iglesya, sa pamamagitan ng intelektuwal na mga pananalita. Ang kailangan natin ay hindi itong mga intelektuwal na mga pananalitang ito. Kundi, ang bautismo ng Espiritu

Santo, na kalakip ang kapangyarihan at mga pagpapatunay at mga pagpapamalas ng Espiritu, 'yan mismo ang kailangan natin para akayin ang mga tao sa iglesya. Ito'y sa pamamagitan nga ng pahid ng Espiritu Santo na nagpapalapit.

<sup>76</sup> Mainam 'yang mga eskuwelahan na 'yan at mga seminaryo, wala akong anumang laban sa mga 'yan, pero hindi 'yan ang programa ng Diyos. Ang pinili ng Diyos ay mga mangmang at mga salat sa pag-aaral, mga taong di kagalingan sa pagsasalita, mga kalalakihang di man lang kayang basahin ang sarili nilang pangalan. Gaya ng sinasabi ng Biblia, "Sila'y mga mangmang at walang pinag-aralan." Pero sa kabila n'yan sila'y galing sa malayong mas mainam na eskuwelahan. Dahil nung panahon na 'yun na pinagaling nila ang isang lalaki sa pintuang-bayan na tinatawag na Maganda, doon nalaman ng mga tao na sila'y naging kasama noon ni Jesus. [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang anim na beses—Pat.] Yun ang Eskuwelahan na tunay.

<sup>77</sup> At sa ganito naman, sa pagiging intelektuwal na uri ng mga iglesya na mayroon tayo sa Amerika sa panahon na ito at sa buong mundo, sa tuwing papasok tayo sa ganoong klase ng eskuwelahan, haya't ang Cristiano nga, ang mananampalataya, ang miyembro ng iglesya, na nagbabasa ng kanilang Biblia, ay nakikita nga niya na kinakailangan niyang kumilos nang may pagpapakumbaba, kinakailangan niyang maging ganoon. Pero, sa pagkilos niya ng gaya nito, kumikilos lamang siya ng isang karnal na panggagaya. Hayaan n'yong tumimo 'yan nang husto. Isang karnal na kahalintulad! Pinipilit niya kasing kumilos ng parang isang bagay na hindi naman siya talaga ganoon sa puso niya. Sa puso niya'y may isang bagay siyang iniisip dun, at ang ipinapakita naman niyang kilos ay iba. Na, kung sa totoo lang na pananalita, ginagawa lamang niya ang sarili niya na isang ipokrito.

<sup>78</sup> Sinabi ni Jesus, "Kayong mga ipokrito, papaano kayong nakapagsasalita ng mabubuting bagay? Sapagkat mula sa kasaganaan ng puso ay nagsasalita ang bibig." Kung kayo'y nagsasalita nang di naaayon sa puso n'yo, na ang puso n'yo ay may iniisip na isang bagay at iba naman ang sinasabi mo, ang labas mo nga'y isa kang ipokrito.

<sup>79</sup> Yung mismong salitang *Fariseo* ay ang ibig sabihin ay "aktor." Inaakto nila ang kanilang relihiyon, dahil sila'y may mabatong puso. Lalapit sila't magsasabi, "Mabuting Guro, ibig naming makakita ng isang tanda mula sa Iyo, upang patunayan na Ikaw nga ang sinasabi Mong Ikaw nga."

<sup>80</sup> Sabi, "Papaanong tinatawag ninyo Akong mabuti, gayong walang mabuti kundi ang Diyos lamang?" Sabi Niya, "Ang lahi na mahina't mapangalunya ay humahanap nito. At bibigyan sila ng isang tanda. Kung papaanong si Jonas ay nasa tiyan ng

balyena, nang tatlong araw at tatlong gabi, gayundin na ang Anak ng tao ay mapapasa ilalim ng lupa, nang tatlong araw at tatlong gabi.”

<sup>81</sup> Ngayon, kung ipagpapalagay natin ang bagong programang ito, itong bagong pakikipagkasundo ng Diyos sa iglesya, na ipinakilala sa Pentecostes; di nga ito intelektuwal, saan man tingnan. Kundi, sangdaan at dalawampung (mga mangingisda, tagapaggawa ng mga tolda’t, mga simpleng maybahay lamang) ang nagpunta noon sa silid sa itaas at naghintay hanggang sa ang propesiya ng Diyos ay matupad, at kanilang tinanggap ang bautismo ng Espiritu Santo.

<sup>82</sup> Sinabi ni Jesus, “Ihinto n’yo ang pangangaral n’yo. Huwag muna kayong lumayo. Huwag muna kayong gumawa ng kung anong bagay tungkol dito. Bagkus maghintay kayo sa bayan ng Jerusalem, hanggang sa, hanggang sa kayo’y masangkapan na ng Kapangyarihan na galing sa Itaas.”

<sup>83</sup> Hindi, “Hanggang sa matanggap ninyo ang inyong B.A., o ang inyong D.D., o anupaman ’yan; hanggang sa maging Ph.D. kayo, ng sikolohiya.” Hindi, “At, maging, maging intelektuwal na tagapagturo ka, na sige’t maghintay hanggang sa matanggap mo ang diploma mo.” Hindi, “Maghintay hanggang sa mapag kalooban ka ng titulo.”

<sup>84</sup> Kundi, “Hanggang sa kayo’y mabihisan ng Kapangyarihan galing sa Itaas,” hindi galing sa eskuwelahan, bagkus, “galing sa Itaas. Pagkatapos kayo’y magiging mga saksi Ko, kapwa sa Jerusalem, Judea, Samaria, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng mundo.”

<sup>85</sup> Ang huli Niyang atas ay, “Sa buong mundo; ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang. Ang sinumang sumampalataya at mabautismuhan ay maliligtas, at ang sinuman na hindi sumampalataya ay parurusahan. At,” may karugtong, “ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na sumasampalataya; sa Aking pangalan ay magpapalayas sila ng mga demonyo; at magsasalita sila ng mga bagong wika; o kung uminom man sila ng bagay na nakamamatay, o hahawak ng ahas, hindi ito makakasama sa kanila; at kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila’y gagaling.” Kaya kung ihahambing talaga, ’yung ganito mismo, ang magiging tanda ng mananampalataya, imbis na ’yung pagiging edukado’t pagiging intelektuwal, dahil di maipapamunga ng pagiging intelektuwal ang bagay na ito.

<sup>86</sup> Ngayon nakita nga natin, kung ganoon, na kukuha . . . Siya nga’y gagawa ng bagong Iglesya. Hindi nga Niya ibig na . . . Di n’yo kasi puwedeng basta pakinisin na lang ang isang lumang iglesya. Pagreretoke lamang ang ginagawa n’yo rito, at di ’yun makapagbubunsod ng mabuti. Ang kinakailangan ay bagong puso. “Aalisin Ko ang batong puso.” Hindi, “Aalisin n’yo ito.”



Kundi, “Aalisin Ko ito.” Nakikita n’yo ba ang pagkakaiba? Isa itong gawa ng biyaya. “Gagawin Ko.”

<sup>87</sup> At kayo, na mga Baptist, at kayo na mga Presbyterian, na nangangaral patungkol sa Walang Hanggang kasiguraduhan at ang kilos naman ay gaya ng sanlibutan; mahiya kayo! Ano ba mismo ‘yang ipinangaral n’yo? Tunay nga.

<sup>88</sup> “Aalisin Ko ang dating batong puso at ilalagay sa loob ang pusong laman.” Ngayon masdan. Sinabi Niya na gagawin Niya ‘yun. Haya’t di mo Iyon mailalagay, na maidadaan mo Iyon sa usap, papasok doon sa lumang intelektuwal na iglesya.

<sup>89</sup> At ‘yan ang dahilan kung bakit ang Amerika ay narito sa kalagayan nito ngayon, dahil ito’y pinamanhid na ng matanda’t intelektuwal nitong kaisipan. Yan ang dahilan kung bakit ito’y nagpatuloy sa ganoon, at—at ang ginagawa na lamang ay sige’t papirmahin ang bawat tao sa kung anong mga papel, at kung ano pa, na para sa munting maka-Hollywood na rebaybal nito na parating. At lahat nga sila dun ay magpupunta, at parang mga maningning na mga babae’t lalaki, at haya’t magtatanghal ng kung anong munting programa. At pagkaalis nila, haya’t sa pagbalik nila sa dakong ‘yun at hayang masusumpungan nila na sa halos siyamnapung porsiyento ng tumanggap kay Cristo bilang Tagapagligtas, ang mga taong ito ay wala na dun.

<sup>90</sup> Ano bang dahilan? Hindi kasi ito isang rebaybal. Isa lang itong intelektuwal na ilusyon. Ganoon nga. May kung ano lang na itinanghal, habang ang mga Amerikano ay palaro-laro lang at ipinapalakpak din ang kanilang mga kamay, at—at isang Holly-. . . isang palabas sa telebisyon ang dating. Ano’t ginawa nating parang—parang telebisyon. Ang pulpito’y ibinunsod na maging maka-Hollywood na modernong entablado. Gayong, ang makalumang mangangaral ng Ebanghelyo, na dati’y sa tubig-balon lang umiinom, at buong magdamag mangangaral na ang gamit ay ilaw lang mula sa lampara; haya’t nabago ito. Haya’t, pinalitan natin ito, at ‘yan ang dahilan kung bakit mayroon na tayo nitong intelektuwal na grupo ngayon.

<sup>91</sup> At papaano nga n’yo magagawa, na sa ganitong dako kung saan ang bawat tahanan ay ipinapalabas sa telebisyon ang *Who Loves Lucy* at lahat nitong mga programa ng kalapastanganan sa himpapawid at telebisyon, na sa ganito, ay papaano pa natin maiprepresenta ang bagong Ebanghelyong ito sa paraan na sinabi sa atin ni Cristo na gawin, samantalang panay ganito na ito? Kung ang pag-iisip ay nananatiling karnal, mapapadpad at mapapadpad lang ito sa kung anu-anong mga pambihirang bagay at pagkapanatiko. Isasantabi nito ang Salita ng Diyos at masasadlak dun sa patulo-tulo ng langis at kung anu-ano pang lahat na. Ngayon papaano n’yo nga ito mapipigilan? Sinabi ng Biblia na magiging ganito, kaya di n’yo ito mapipigil. Siyanga.

Sinabi ng Diyos na magiging ganito. Ngayon saan na nga tayo napapadpad?

<sup>92</sup> Sa pagiging intelektuwal! Ang isang matandang babae, iretoke man nila siya; siya pa rin 'yung siya ring matandang babae na ito. Yung isang matandang lalaki, iretoke man nila siya; siya pa rin naman 'yung siya ring matandang lalaki na ito. "Magbubuklat ako ng panibagong pahina ko, sa—sa Bagong Taon, at magpapasimula ako ng panibagong buhay. Itatapon ko na ang pipa ko," at pupulutin din naman sa kasunod na araw. Kita n'yo? Sa ganang inyo lang kasi ito. Hindi kasi pagreretoke; Kapanganakan, ang kailangan ng iglesya.

<sup>93</sup> Ngayon di n'yo nga maipangangaral Ito sa lumang iglesya. Hindi niya Ito matatagalan. Sinabi na 'yan mismo ni Jesus sa Lucas, sa bandang ika-5 kabanata, patungkol dun sa alak sa loob ng mga sisidlan. Ang sabi niya, "Di n'yo mailalagay ang bagong alak sa lumang sisidlan. Kung gagawin n'yo, masisira ang mga 'yun."

<sup>94</sup> Pinagtatakahan ko nga 'yun dati, pinagtatakahan 'yun dati ng aking—aking batang isipan noon, sa tuwing naiisip ko 'yun, "Papaanong masisira 'yung sisidlan?" Ngayon 'yung tinatawag nating sisidlan dito, kahit na luma pa, di 'yun nakaka apekto, dahil gawa sa bubog ito.

<sup>95</sup> Pero, nung panahon ni Jesus, ang tinutukoy Niya roon, ay 'yung sisidlan na ginagamit nila nung panahon na 'yun, na gawa sa balat ng hayop. At ang balat ng hayop ay ibinibilad sa init. At kapag ang balat ng hayop ay luma na, haya't. . . Kapag bago ito't sariwa pa, at bago pa lang na ibinilad, malambot pa ito't sumusunod sa galaw. Pero kapag luma na ito, nagiging tuyo ito. Ngayon, marami sa inyo ang nakakaalam kung anong nangyayari sa balat ng hayop kapag ito'y nagiging tuyo na. Nagiging luma ito't tuyo, at ito'y umuurong at tumitigas. Ngayon, kung lalagyan n'yo 'yun ng bagong alak sa loob, wala na nga 'yung kabuhay-buhay sa loob; kaya sasabog ito.

<sup>96</sup> Katulad nga ito sa pagsisikap na ipangaral ang bautismo ng Espiritu sa inyo sa tunay na dalisay na kapangyarihan ng—ng pagkabuhay na mag-uli, na sinisikap itong maipresenta sa harap ng mga tao. Kung ilalagay n'yo, anong nangyayari kapag inilagay n'yo na 'yun dun? Ang bagong Alak nga'y may Buhay, at ang bagong Alak ay aktibo pa. Oh, umaasa ako na nakikita n'yo ito. Ang bagong Alak ay aktibo pa.

<sup>97</sup> Ang bagong alak ay aktibo pa. At kung nasa loob ito ng bago't malambot na sumusunod sa galaw na sisidlan, kung saan ang langis ng hayop ay nandun pa sa balat, hayan nga't sa pagkilos ng bagong alak papalabas, ang balat ay uunat pa.

<sup>98</sup> Sa madaling sabi, kapag sinabi ng Biblia, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," sasabihin nung bagong balat, "amen," sabay na uunat kasabay Nito. At

kapag sasabihin ng bagong Alak, na, ang bautismo ng Espiritu Santo'y, "Ako ang Buhay ng Diyos na gumagawa sa loob n'yo," sasabihin nung bagong balat, "amen," sabay na uunat kasabay Nito. Kapag sasabihin ng bagong Alak, na, "ang Espiritu Santo ay sapat para sa kagalingan natin ngayon," ang bagong Alak ay kikilos papalabas, haya't ang Alak ang Salita. At kapag sinabi Nito ang bagay na 'yun, sa gayunding paraan ay sasabihin ng bagong sisidlan, "amen," sabay na uunat kasabay Nito.

<sup>99</sup> Pero anong gagawin ng lumang lalagyan? "Lumipas na ang araw ng mga himala't wala na." Kung ganoon, ano nga itong ginagawa natin? Anong kahihinatnanan natin? Tayo'y. . . Ang sabi Niya, "Ang lumang sisidlan ay masisira, at ang bagong alak ay masasayang kasama nito." At halos katulad na katulad ito ng pagtatapon ng mga perlas sa harap ng baboy. Babaling sila't yuyurakan 'yun ng kanilang paa. Nakikita n'yo na po ba? [Sinabing kongregasyon, "Amen."]

<sup>100</sup> Ngayon, hindi nga nagpapahid si Cristo ng mga ministro para ipangaral ang Ebanghelyo tapos babalik lang Ito sa Kanya nang walang kabuluhan. Pero, inaasahan Niya na tatanggapin n'yo ang Salita. At sa pagtanggap sa Salita, maging handa po kayo. Alisin n'yo ang lumang balat ng baka na pinapanahanan n'yo pa riyang, 'yang lumang pormal na kalagayang 'yan, at palitan n'yo 'yan ng isang balat ng tupa na malambot at sunod sa galaw ng Salita ng Diyos. [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang anim na beses—Pat.] At lahat ng sabihin ng Biblia, sasabihin n'yo, "Amen." Pero kinakailangan na galing ito mismo sa Biblia.

<sup>101</sup> Dahil, ang pinagiging aktibo ng bagong alak ay yaong alak lamang. Pinatutunayan lang nun 'yung—'yung mga elemento na nasa loob nun. Itinutulak lamang nung lebadura 'yung butil ng alkohol, na nagpapabunsod ng proseso ng pag-unat, habang ang lebadura'y pinaaalsa naman 'yung maliit na bula nun, para papaging tamang-tama ito; para bigyan ito ng mas masarap na lasa, para bigyan ito ng mas malakas na kapit, para patapangin ito, para idulot ito sa kalagayan na di na ito aasim pa. Amen.

<sup>102</sup> At kapag ang lebadura ng pantaong elemento, na inihalo dun sa bagong Alak, na naglalayong paalsahin 'yung bula, para ikalat 'yung tapang nito sa alkohol; itutulak nito palabas, mula sa iglesya, ang lahat ng makasanlibutang elementong gaya nun, at prinipreserba ang iglesya.

<sup>103</sup> Yung katas ng ubas ay umaasim sa loob ng dalawampu't apat na oras, pero ang alak ay di umaasim, dahil 'yung butil ng buhay ay nandun sa alak, na nagpapaging aktibo, at umuunat, at nag-iisterilisa. At sa pagtanda nito, mas umiinam pa nga. Haya't ganitong-ganito.

<sup>104</sup> Ang bagong Alak, maaari lang itong ilagay sa loob ng mga bagong pentecostal na sisidlan. Ang Diyos ay may sangdaan at

dalawampu nun sa silid sa itaas; matapos na Siya'y maglangis sa pamamagitan ng Kanyang Salita, at pinalambot 'yun, at binago at tinanggal ang lahat ng makalumang kaugalian mula sa kanila, ng lumang sistema. At ang Diyos ay may sangdaan at dalawampung sisidlan noon na naghihintay sa silid sa itaas, na nung panahon na 'yun, ay nakatingala ang kanilang mga leeg, at may imbudo sa ibabaw.

<sup>105</sup> At nung magsimula nang bumuhos ang Espiritu Santo, ang mga sisidlang ito'y nabuhayan, na anupa't sila'y nagsimulang magtakbuhan palabas, ipinangaral ang Ebanghelyo, palundag-lundag sa isang lugar patungo sa isa pa. At may isa na tumalon at pumadyak at nagsabi, "Ito iyon," bumaling pabalik mismo sa Salita. "Ito iyon na sinalita ni propeta Joel, 'Mangyayari na sa huling mga araw, sabi ng Diyos, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu, Aking bagong Alak, sa Aking bagong Katawan.'" Grabeng rebaybal 'yun na tinatamasa nila! Yun mismo ang programa ng Diyos.

<sup>106</sup> Heto nga ang dalawang sisidlan, na dumadaan, at may nakaratay dun na lalaking may kapansanan. At nung hipuin ng lalaking ito na may kapansanan ang kamay nung isa sa mga sisidlan na 'yun, aba'y, nilisan siya ng kanyang kapansanan. At maging siya ay nakatanggap ng ilan Nun, at nagsimula siyang maglulundag at magpuri sa Diyos, at tumakbo sa templo, na sumisigaw, at niluluwalhati ang Diyos.

<sup>107</sup> Yan ang programa ng Diyos; di 'yung kung anong malaking eskuwelahan na makatatamo raw ng digri, bagkus isang buhay, kumikilos na karanasan ng Espiritu Santo; di pagkapanatiko, bagkus tunay, na dalisay na Espiritu Santo na kumikilos. Nawa po'y makita n'yo ito, 'yan ang panalangin ko.

<sup>108</sup> Ngayon pansinin n'yo ang pagkakasunud-sunod ng Kasulatan. Ganap nga ito. Sinabi ng Diyos, "Una, aalisin Ko ang dating batong puso; hindi pa kayo makatatanggap ng kahit anuman. Pagkatapos," ang sabi Niya, "Pagkakalooban Ko kayo ng bagong espiritu." Ngayon, hindi po 'yun ang Espiritu Santo.

<sup>109</sup> At diyan nga nagkakamali madalas. Maraming tao, haya't marami ngang tao, ang ibig kong sabihin, ang nagsisidulog sa may altar para manalangin, at sila'y magpapatirapa dun para manalangin, at, sa pananalangin, nagbubunsod 'yun na sila'y makaramdam nang kaunting mas mainam na pakiramdam. Sila marahil ay tatayo roon at sige sila, at magpapatalon-talon nang kaunting sandali, at pagkatapos ng ilang sandali makikita mo na lang sila na 'yung lundag nila'y pahina, nang pahina, nang pahina...? . . balik sa dati. Hindi nila tunay na natanggap ang Espiritu Santo. Kahit ano pang lundag ang gawin nila, o gaano mang kalakas ang pagsigaw nila, o gaano man silang . . . may langis man na tumutulo sa kanilang mga kamay raw, o may tumutulong dugo sa kanilang mga mukha raw, o gaano man ang

nagagawa nilang pagsasalita sa iba't ibang wika, o gaano man ang nagagawa nilang pagsigaw, o—o anupaman 'yan na kanilang nagagawa. Wala nga itong anumang kinalaman dito. Emosyong pantao lamang ang mga 'yun. Sila'y nakatanggap mismo ng bagong espiritu, at sila'y nagbubunyi dahil dito.

<sup>110</sup> May sasabihin po akong isang bagay, at gusto kong tumimo ito nang husto, at ang Diyos nawa ang tumulong. Haya't may—may maka-emosyong bahagi itong nataguriang iglesya raw sa Espiritu Santo sa panahon ngayon. Haya't napakarami nila't patong-patong ang kanilang pagkapanatiko, at napadpad sila sa ganoon, dahil initsa-puwera nila ang Salita. Sila lamang ay nagbubuklod, na sama-sama, “Oh, nagkaroon kami ng isang pambihirang gawain! Hallelujah! Hallelujah! Hallelujah!” Ngayon, sa tuwing gagawin n'yo 'yan, at di naman namumunga ng bunga ng Espiritu, kung ganoon ay. . . Nasa bagong espiritu nga kayo. Hindi naman kayo ganoon nung una, siyanga, haya't binigyan kayo ng Diyos ng bagong espiritu. Aba'y, sa espiritu n'yo ngang 'yan na tinamo, ay di n'yo makasundo ang mismong sarili n'yo, kaya papaano n'yo pang makasusundo ang Diyos?

<sup>111</sup> Kaya, kinakailangang mabigyan kayo ng Diyos ng bagong puso, hindi 'yung tinagpian lang. Isang bagong puso; na inyong kaisipan na nagbubunsod sa inyo na mag-isip, ng panibagong paraan ng pag-iisip. Hayan nga't, pagkatapos na bigyan Niya kayo ng panibagong paraan ng pag-iisip, “Oo, ganoon pala 'yun. Nagkakaroon ng kaliwanagan ang Biblia. Dati'y hindi ganoon ang paniniwala ko Rito. Sinasampalatayanan ko na Ito ngayon.” Ngayon, hayan nga ang dakilang rebaybal n'yo. Kita n'yo? Sasabihin ng iba, “Oo, naman, ayaw kong mapunta ng impierno. Gusto kong tanggapin si Cristo.” Mabuti po 'yan. Mainam 'yan. Pero paunang hakbang pa lang 'yan.

Mangyaring sinabi Niya, pagkatapos nun, “Pagkatapos ay bibigyan Kita ng bagong espiritu.”

Ano 'yun? Isang bagong pagnanais. “Nagnanais akong gumawa nang tama.”

<sup>112</sup> “Ngayon, alam kong isa akong Cristiano. Kinakailangan ko ngang. . . Sige't maninigarilyo ako ang isang beses na lang, at tapos itatapon ko na ito.” Kita n'yo? “At sige't ako'y—ako'y—ako'y titingnan ko lamang ito. Ako'y—ako'y—ako'y mananatili lamang dito sa bahay ngayong gabi, alam mo. Ako lamang. . .” Lahat ng mumunting “lamang, lamang,” ganoon nga. Si Eba ay napahinto nga ng sandali lamang. Yun lang ang ginawa niya.

Pero, ngayon, hayan nga ang bagong espiritu.

<sup>113</sup> Haya't pansinin ang pagkakasunud-sunod ng Kasulatan. Matapos na magkaloob Siya ng isang bagong puso, at kasunod nun ay isang bagong espiritu, ang sabi Niya, “Pagkatapos ay ilalagay Ko ang Aking Espiritu.” Ngayon ano? Yan po mismo ang sinasabi ng Kasulatan dito. Yan ang pagkakasunud-sunod, ang

niyumatiko at numerikal na pagkakasunud-sunod ng Kasulatan, “Isang bagong puso; isang bagong espiritu; at pagkatapos Aking Espiritu.” Kaya naman, ang Espiritu Santo na ng Diyos . . .

114 Ang bagong puso ng Diyos na inilagay Niya sa inyo, ay hayan ngang nariyan sa mismong pinaka sentro mo. Yan nga ang inyong—inyong udyok, kung saan kayo—kayo . . . ang inyo—inyo ngang emosyon ay lumalantad. At ang bagong espiritu ay pumupuwesto mismo sa gitna ng bagong puso. At ang Espiritu ng Diyos, ang Espiritu Santo, ay pumupuwesto mismo sa gitna ng bagong espiritu n’yo. At, diyan, kinukontrol Nito ang inyong mga emosyon.

115 Para nga itong ’yung—’yung pinaka pangunahing kuwerdas sa isang kilalang orasan, at kusa itong umiikot sa sarili nito. Di n’yo na kailangang paikutin pa ito araw-araw. Pinaikot na ito ng Diyos nang minsanan, at ’yun na ’yun. At nakalagak nga ito mismo dun sa gitna ng . . . ng inyong buhay, ng inyong bagong buhay. At ’yung pinaka pangunahing kuwerdas, kapag ito’y pinagana na, at sa pagtik-tak nito, ng orasan, kinukontrol nito ang bawat maliliit na bahagi ng orasan na ’yun, na sumabay sa talagang tamang oras.

116 At kapag ang Espiritu Santo . . . hindi bagong digri, hindi bagong simbahan, hindi bagong ideya, hindi bagong emosyon, hindi bagong langis, hindi bagong sayaw, hindi bagong labi, hindi bagong pagsasalita sa wika, hindi bagong *ganito*, hindi bagong sumbrero! Kundi ’yung panahon nga na ilalagay mismo ng Diyos ang Kanyang Espiritu sa gitna ng bago mong espiritu, kaya naman di mo na kailangang umakto pa na maamo ka, di mo na kailangang umakto pa na isang Cristiano. Kinukontrol na Nito ang lahat-lahat diyan sa kalooban mo. Ibinubunsod ka na nito na maging disente, ibinubunsod ang iglesya na kumilos nang naaayon, pinagagana nang ganap ang mga kaloob. At sa pagkakataong gaya nito na inililipat ka mula sa isang lugar na iniisip mo na naroon ka dapat, at tapos ay ilalagay ka naman sa isa’t ibang dako, kinukontrol ka nga Nito.

117 Hindi ’yung magdadabog ka, “Hindi na ako babalik pa.” Hindi, po. Ipinapakita lang n’yan na wala riyang pinaka pangunahing kuwerdas. Kapag sumasabog ka na lang basta sa bawat katiting na bagay na nangyayari, nilalason nito ang disposisyon mo. At sa tuwing may mababanggit ang pastor na isang bagay sa Salita, at ikaw nga’y, [Nagpatunog si Kapatid na Branham ng tunog ng pagdura—Pat.] “Buweno, hindi ako naniniwala Riyan.” Mag-ingat ka, lumang balat ng baka! Kita n’yo? Mag-ingat kayo. Yung bagong pangunahing kuwerdas ay hindi pa nailalagay riyang, kung ganoon.

118 Pero, Ito’y kumukontrol. Ibinubunsod Nito na maniwala ka. Ibinubunsod Nito na kumilos ka sa isang paraan na anupa’t ika’y magiging maalat. At ang buong mundo’y mauuhaw na maging

katulad mo. Yan ang Espiritu Santo na nakalagak mismo sa iyong espiritu. Yan ang pangunahing kuwerdas. Kaya naman Iyan mismo ang pamatok, na ika'y pinatungan na ng pamatok na ito. . .

119 “Oh, wala akong ganang magpunta sa simbahan, ngayong gabi. Ayokong. . . At, hayan pa nga ang mangangaral na 'yun, kung di lang sana siya mahaba mangaral, gugustuhin ko naman na makinig sa kanya nang ilang minuto. Pero, sinasabi ko nga sa inyo, nung huling beses na nagpunta ako, nagpunta dun sa kasiyahan ng paglalaro ng baraha, sabi sa akin ni Susie, ‘Ang ibig mo bang sabihin sa akin, hahayaan mo na lang, na ganoon na lang ang pagpapakababa mo sa sarili mo, na pinahahaba mo ang buhok mo? Ang ibig mo bang sabihin sa akin ay di ka na magsusuot ng mga shorts ngayon, Lydia?’” Buweno, may kung ano nga rito, na kung ang nakuha mo lang ay bagong espiritu, kikitilin ka lang nito. Siyanga.

120 Pero kung nakuha mo na ang Kanyang Espiritu, ibubunsod niyo na 'yang bawat emosyon mo ay tumiktak nang saktong-sakto sa Salita ng Diyos. Titiktak nga ito nang sakto sa Salita. Sasabihin n'yo, “Buweno, ngayon, Susie, sandali lang. Sinasabi ng Biblia, ‘Karumal-dumal sa harapan Niya, na gawin 'yun.’ At ang pag-ibig ni Cristo ay pumasok na sa puso ko, at ganun na lamang katindi ang pag-ibig ko sa Kanya para gawin ko pa 'yan. Kita mo, iniibig ko Siya.”

121 “John, ang ibig mo bang sabihin sa akin ay nakikisama ka sa grupo ng mga panatikong 'yan, at ayaw mong manigarilyo dahil may bagong silang na batang lalaki dito sa bahay ko?”

122 “Pero, kita mo, John, sinasabi nga na dapat tayong. . . Ang Espiritu Santo, sa puso ko, sinasabi sa akin na dapat na tayong umiwas sa lahat ng karumihang ito ng sanlibutan.” Kita n'yo? Kita n'yo?

123 Hindi na, “John! Hallelujah, John! Luwalhatiin ang Diyos, John! Purihin ang Panginoon! Nakikita mo itong langis na ito sa kamay ko! Luwalhatiin ang Diyos! John, nakakapagsalita ako sa iba't ibang wika. Hallelujah! Magagawa ko. . .” Hindi, hindi. Di ganyan ang pagkilos ng Espiritu Santo sa Kanyang Sarili. Hindi, hindi.

Naibunsod siya na tumiktak sa kalinisan ng buhay.

124 Katulad na lang ng pagtayo ni Pablo sa harapan ni Agripa at iniharap dun ang Salita, ang sabi niya, “Oh Agripa. . .”

125 At sabi ni Agripa, “Pablo, sa kaunting panaho'y nahikayat mo ako halos na maging Cristiano.”

126 Ang sabi niya, “Agripa, kakatwa ba sa iyo, na bilang Judio, na heto ang Biblia na sinabi na noon pa at ang ipinangungusap dito ay tungkol kay Jehovah? Kakatwa bang bagay sa iyo na ang Diyos ay may kakayahan na magbangon ng patay?”

127 Hindi na, “Agripa! Hallelujah! Luwalhatiin ang Diyos, Agripa! Hallelujah!” Hindi ganoon, wala sa katinuan ’yun.

Bagkus, “Agripa, ito ang sinasabi ng Kasulatan.”

128 Nakikita n’yo na ba kung saan kayo dinadala ng pagtiktak ng pangunahing kuwerdas na ito? Pabalik nga. Di n’yo na nga kailangang alalahanin ito. Ang lahat ng ito’y nasa programa na mismo ng Diyos. Ipanunumbalik ka ng pagtiktak nito. “Huwag kayong mag-alala sa kung anong sasabihin n’yo,” sabi ni Jesus. “Di ikaw ang magsasalita. Ang Ama n’yo ito na nakapanahan sa inyo. Siya ang gumagawa ng pagsasalita.”

129 “Agripa, ikaw sa iyong pagiging Judio, at nalalaman ang lahat ng mga kautusan sa Lumang Tipan, kakatwa ba ito sa ’yo, Agripa, na ang Diyos ay magbubuhay ng patay?”

Sabi ni Agripa, “Pablo, ’yang labis mong karunungan ay pinagiging baliw ka na nito.”

130 Sabi niya, “Hindi ako nababaliw, Agripa, bagkus naparito lamang ako para sabihin sa iyo kung ano ang ginawa ng Diyos dito mismo sa Salita.” Kita n’yo?

“Oh, naging holy-roller ka na, Pablo.”

131 “Hindi, Agripa, sinasabi ko lamang kung ano ang sinalita ng Diyos dito sa Kasulatan, na Kanya mismong ibabangon ang Kanyang Anak, si Cristo Jesus, sa huling araw. At ngayon, Agripa, magiging kakatwa ba ’yun sa iyo, na ang Diyos na Jehovah, na Siyang nagbukas ng Dagat na Pula, na Siyang naghatid ng mga himalang ’yun nung araw na ’yun noon, na anupa’t hindi ba’t nagpapamalas din naman ng mga himala sa panahon ngayon?”

132 Sabi niya, “Pablo, sa kaunting panahon ay halos nahikayat mo ako na maging Cristiano.”

133 Sabi ni Pablo, “Sana ika’y maging katulad ko rin naman, maliban sa mga tanikalang ito na nakagapos dito sa aking mga kamay at paa.”

134 Hayan nga ang kuwerdas, sa gitna ng bagong espiritu sa bagong puso, na nagpapabunsod na ang bawat emosyon ay kumontrolin nito ang sarili nito. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? Hayan nga. Magiging ganoon, kung, inyong aalisin ang inyong ulo mula sa pamatok ng sanlibutan.

135 Sasabihin, “Sige’t pupunta ako at makikisali, pero sinasabi ko nga sa inyo. . .” At ilalagay n’yo kamo ang inyong ulo sa pamatok ni Cristo? Makikipamatok kayo kamo sa Kanya? At pagkatapos bigla ka na lang, “Oh, natutuklap ang mga balikat ko. Naapektuhan nito ang karangalan kong panlipunan. Yung mga tao na dati kong nakakasama, nilalampasan na ako at ang sabi pa, ‘Siyanga, hayan nga siya! Isa na siyang holy-roller.’ ‘Hayun na nga siya. Kita n’yo, siya, hindi na nagpupunta sa bilyaran si John.’ Oh, sadya ngang. . . Oh, napapahiya



ako, Kapatid na Branham.” Hindi. Di mo kasi natamo ang tamang bagay.

<sup>136</sup> Kapag ang pangunahing kuwerdas ay naroon sa gitna, na saktong-sakto ang pagkakatagap nito roon, hayan nga’t ang pamatok ay naliligiran ng balahibo. Oh, grabe! Kahit na ano pang ibansag sa inyo ng sanlibutan, hindi ’yun makaka . . .

<sup>137</sup> “Oh, tumalikod ako sa pananampalataya, dahil, sinasabi ko nga sa inyo, di ko kayang tiisin ang pagbabansag nila sa akin ng *ganito*, *ganoon*, at kung *ano pa*.” Buweno, hindi mo lang natamo ang pangunahing kuwerdas na maipuwesto ito sa gitna ng . . . Ang Kanyang Espiritu sa gitna ng iyong espiritu. Kita n’yo, ang mayroon lang kayo ay huwad na panggagaya. Ikaw, ikaw ay nakakaiyak. Ikaw nga’y may—may—may—may maling kaisipan. Kita n’yo? Iyo, ang iyo lamang—iyo lamang natamo ay ang emosyonal na bahagi, at di natamo ang tunay na bahagi. Haya’t naririnig mo lang ang tik-tak ng orasan at ingay lang ito sa iyo, at nakikisabay ka rin naman, nakikisabay sa pagtik-tak, lang.

<sup>138</sup> Pero kung ang pangunahing kuwerdas ang nagbubunsod ng pagtik-tak, kung Ito—Ito ang kumukontrol sa bawat emosyon, haya’t ang pamatok ay nagiging magaan. Marahil sasabihin nila, “Alam n’yo ba? Hayan nga siya. Para siyang manika dati. Pero, tingnan mo nga siya ngayon, ’yung buhok niya’y lugay na lugay sa likod niya, wala nang kolorete. Ang suot-suot na niya ngayon ay itong sinasabi nilang may kahinhinan . . .” Hindi ko naman ibig sabihin na parang nanggaling sa baul. Pero heto po ang ibig kong—ibig kong sabihin dito, na ikaw nga’y nananamit na nang may kahinhinan. “Aba, dati-rati siya ang pinaka kaakit-akit na babae. Nakikita pa natin siya na nakahiga sa bakuran niya dati, na nakasuot pa ng shorts, at nagbibilad sa araw, pero ngayon ay di na niya ito ginagawa.” May bagay na nangyari. Yung pangunahing kuwerdas ay lumagak na dun sa dako kung saan ba Ito dapat pumuwesto. Siyanga. “Oh, dati-rati nagpupunta siya. Napakahusay niya sa bilyar. Magaling siyang maglaro ng baraha, laging *ganito* ang inilalagap niyang baraha. At lagi niyang nahahakot ang lahat ng mga pitsa mula rito, at kung anu-ano pa. Isa siya noong . . . Pero di na niya ito ginagawa ngayon.” Ang pangunahing kuwerdas po! “Oh, isa na siyang holy-roller.”

<sup>139</sup> Pero, ang pamatok ay magaan. Alam n’yo ba kung anong ginagawa n’yo rito? Basta gusto n’yo lang na pasan-pasan ito. Para nga itong si Samson nung kanyang pasanin ang tanso . . . ’yung tansong pintuang-bayan ng Gaza. Yung malaking tansong pintuang-bayan na ’yun, kanyang binuhat lang ’yun at inilagay sa kanyang mga balikat at dinala ’yun palayo. Ganoon nga. At sa oras na ang pamatok ay naliligiran ng kagalakan, at ng kapayapaan, at ng kaluguran ni Cristo sa inyong puso, haya’t magagawa n’yong pasanin ang lahat ng mga pasanin na ibinabato sa inyo ng sanlibutan, at dadalhin ’yun sa isang

burol na tinatawag na Kalbaryo, at doo'y magpapatirapa kayo at mananalangin para dun sa tao na umuusig sa inyo. Di nga ito 'yung magpapaulan kayo ng apoy galing sa Langit at sisirain n'yo ang iglesya, kundi magdadala kayo ng kapayapaan sa kanila. "Diyos, mahabag Ka po sa kanila."

<sup>140</sup> Ngayon, sinasabi ng Biblia, na, "Kapag ang maruming espiritu ay makalabas mula sa isang tao, magpapagala-gala ito sa mga bagong dako at babalik." At kapag ang diyablo na ito na dating nagpadpad sa iyo sa isang eskinita, at sa oras nga na bumalik ito at masusumpungan nito na ang lumang eskinita ninyo ay nabago na; hayan nga, ipadadala ng Diyos ang malaki Niyang buldozer sa dakong 'yun. Alam n'yo ba kung ano 'yung ginawa Niya roon? Hinukay Niya ang lupa. Hinalukay Niya na magkabaligtad ang kalagayan dun. Haya't ibinunsod Niya na maging bagong tanawin 'yun. At sa punto na ang diyablo ay babalik sa luma nitong nangangalawang na latang eskinita, kung saan nag-iwan siya dun noon ng mga lata ng serbesa na nakakalat sa buong paligid, at mga baraha sa ibabaw ng mesa, at nagkalat na mga sigarilyo sa buong bahay, at mga magasing *Love Story*, at *True*. Sa pagbalik nga nito'y maaabutan niya na nalinis na ito, pinagtatapon na. Hallelujah! Ipinadala ng Diyos ang Kanyang buldozer doon at nilinis 'yun nang husto.

<sup>141</sup> *Heto* po ang Kanyang buldozer, kapatid. *Dito* kayo dapat maihambing. Nilinis 'yun nang husto, binuldozer nang buong-buo, at nagsimula Siyang magtanim ng halaman. At ang natagpuan ng diyablo, roon, ay malaki't, bago nang binagong tahanan na itinayo roon. Amen.

<sup>142</sup> Ang Espiritu Santo na ang nakatira roon. At pumalit na ang Espiritu Santo sa dating pinaglalagakan ng lata ng serbesa. [Kumatok si Kapatid na Branham nang dalawang beses sa pulpito—Pat.] Pumalit na ang Biblia sa dating pinaglulugaran ng modernong-panahon na babasahin. Humalili na ang Diyos sa puwesto noon ng modernong teolohiya. Ang pagtitipon para sa pananalangin ay nanumbalik na muli sa tahanan, nung ang Espiritu Santo'y pumasok na roon. Ang lahat ng iba pang mga bagay ay nawaksi na.

<sup>143</sup> At, pakinggan n'yo, kaibigan. Sa pasimula, ang sabi ng Biblia. . . Tingnan n'yo. Ngayon may gusto akong ipakilala sa inyo. . . Sa lahat nitong ating mga pagka-intelektuwal at lahat ng mga gawang-tao na mga kredito. . . Sa pagtatapos ko, gusto kong ipakilala sa inyo ang isang bagay.

<sup>144</sup> Sa pasimula, nung ang mundo ay nakahimlay rito, na wala itong laman, anupa't isa lamang itong malaking bola ng tubig, kung saan hayan ang naglalakihang mga pulo ng yelo, at mula sa init na nanggagaling sa araw, habang umaandap-andap nang paganoon ang mundo at lumulutang sa kalawakan, sa buong

espasyo na 'yun, na milyun-milyong baitang sa ilalim ng zero ang temperatura. Namuo 'yung mga halumigmig.

<sup>145</sup> Yung init at lamig kasi, sa pagsasama nito, ay lumilikha ng halumigmig. Makikita n'yo ito sa mga bintana, at sa kung saan pa, sa mga kabahayan, dito sa loob at sa labas.

<sup>146</sup> At nung ang mundo'y humiwalay mula sa iniinugan nito na pinanggalingan nito, na, ang araw mismo ang pinaka nanay sa lahat ng ito, at ng iba pang humiwalay na maiinit na tipak na lumabas dito. Nung ito nga'y humiwalay mula dun, nagyelo ito't naging isang malaking solidong bagay. Pagkatapos, nung ito'y nagsisimula nang kumilos papalapit, at may kaisipan na rito ang Diyos. . . Pakinggan n'yo itong maigi ngayon. Nung nagsimula na itong kumilos papalapit, papalapit doon sa araw, natunaw ito sa pagkakayelo.

<sup>147</sup> Pagkatapos, inatasan ng Diyos ang Espiritu Santo. . . Ang pinaka una ngang Persona, na ipinakilala, ay ang Diyos. Ang Diyos! "Sa pasimula ay ang Diyos," sa Genesis. At tapos ang kasunod, na ipinakilala, ay ang Espiritu Santo, o ang Logos, na nagbuhat mula sa Diyos. Ganoon pa man, itong lahat na ito ay ang Diyos na lumabas, sa isang Persona. At sinabi ng Biblia, "Nagsimula itong lumukob sa lupa." Ang ibig sabihin ng *lumukob* ay "makipagniig nang may pagsinta," bumulong nang marahan na katulad ng huni ng isang kalapati. Nagsimula nga itong lumukob sa lupa. Anong nangyari?

<sup>148</sup> Mga taong mortal, mga kababayan, mga tao na mga lalaki't babae, na kagaya ko rin naman sa umagang ito; mga tao na mayroon silang kaluluwa, isang imortal na kaluluwa diyan sa kalooban n'yo, sino kayo? Saan kayo nanggaling, at saan kayo patutungo? Bulayin n'yo 'yun, pansumandali.

<sup>149</sup> Nung isang gabi, nung ang aking. . . Nakita n'yo na ito sa pahayagan. Isa sa mga pinsan ko, na isang parmasyutiko, o isang doktor, sa Louisville. May isang araw nagpunta siya sa trabaho niya, at nung umuwi na, at naupo na para kumain ng hapunan. At hiniling niya sa maybahay niya na dalhan siya ng dalandan, haya't nanigas siya't namatay sa atake sa puso; si Raymond Branham. At 'yung kapatid niyang lalaki, si Georgie, (na kadugo kong mga pinsan, pareho sila; anak ng kapatid na lalaki ng tatay ko), nagpunta para dalawin ang kapatid niya. At nung nasa daan siya, pabalik, limang minuto pagkatapos na makadalaw siya sa kapatid niya, may napansin silang kotse na pagewang-gewang, bumabagal ang takbo, at may nakita silang lalaki dun na nakasalampak sa kanyang upuan. At namatay na pala siya sa atake sa puso.

<sup>150</sup> At nagpunta ako sa punerarya nung isang gabi, at hinanap ko, si Kapatid na Doc doon, at pumasok na kami. At tuminginting in ako sa mga silid na naroon, sa mga alaala't mga bulaklak na nakasabit sa mga dingding at sa buong paligid. At napayuko

ako, at pumasok sa isip ko ang mga alaala, nung maliit na bata pa lang ako, na nakikipaglaro ako sa mga kalalaking ito, nung ako'y batang paslit pa lang noon.

<sup>151</sup> At naisip ko, hayan nga roon ang mga tao, punung-puno ang lugar, at di mo nga basta maipaparada ang iyong sasakyan nang bloke-bloke, dahil sa mga kaibigan at mga kamag-anak na nagpuntahan. At nung . . . At pumasok na ako, at naroon ang pinsan ko na si Agnes na napakapit na lang sa akin sa leeg ko at bigla na lang napapalahaw. At nung makaalis na ako sa kapit niya, para aluin siya, haya't dumating noon si Dorothy, ang pinaka bunso, at niyakap nga niya ako't napaiyak din siya nang malakas, ang sabi, "Billy, ano nang gagawin natin?"

At tamang-tamang ang sabi ko, "Nasaan si Tiya Lizzie?"

<sup>152</sup> Sabi, "Inatake rin siya sa puso, malala nga, at maaari raw siyang mamatay anumang oras," ang nanay.

<sup>153</sup> Kaya biglang napaisip ako, "Ano kayang nangyayari rito sa dapat sana'y matibay na henerasyong ito ng mga Branham?"

<sup>154</sup> Yun din mismo ang naisip ko nung makita ko ang tatay ko, habang hawak-hawak ko siya noon sa aking mga bisig, at 'yung paalon niyang buhok ay nakasandig sa aking bisig, at doon nga ay nakita ko siya habang nakatingin siya sa akin at napangiti, nung ako'y nananalangin para sa kanya, at siya'y yumao na para katagpuin ang Diyos.

<sup>155</sup> Yun na 'yun din ang naisip ko ng ilang mga araw lang bago 'yun, nung si Doc, 'yung kapatid ko rian, nung sapo-sapo niya mismo sa bisig niya ang sarili niyang kapatid, na may tama sa leeg, na may isa kasing lalaki, na nakainom, tumama sa poste, at nawasak ang kotse't ikinamatay niya. At siya'y namatay sa bisig ng kapatid ko. At nakita ko nga noon si tatay na parating sa kalsada, galing pa kina Gng. Kelly . . . sa bahay ni G. Kelly sa dako lang doon, na umiiyak siya, na 'yung luma niyang itim na sumbrero'y hawak-hawak niya sa kamay niya. Tapos nung mga ilang araw lang, siya naman ang hawak-hawak ko sa bisig ko, nung mga oras na 'yun na malapit na siyang mamatay.

<sup>156</sup> Tumayo nga ako roon at pinagmasdan ko 'yung lumang silyang tumba-tumba, na ngayon ay wala nang nakaupo roon, na nagsimula 'yung umugoy nang urong-sulong, nung mga oras na si Ruth na hipag kong babae ay malapit na ring katagpuin ang Diyos. At sabi ko, "Hipag, isasabit ko ba rito ang larawan ni Jesus?"

Sabi niya, "Billy, di na kailangan. Nasa harapan ko na Siya lagi, sa tuwina."

<sup>157</sup> Hayan din nung tumayo ako noon sa tabi ng asawa kong, si Hope, ang nanay ng anak kong lalaki, si Billy, at ng munti kong anak na babae, na si Sharon. At nakita ko nga siya na hawak-hawak niya ang mga kamay ko, habang nakatingin sa akin ang

maiitim niyang mga mata, at ikinuwento niya ang tungkol sa Dako na kanyang pinanggalingan lang, at ninanais na balikan, at sinabi sa akin, “Huwag na huwag mong hahayaan na di mo maipangaral ang Ebanghelyong ito, Billy. Di mo nga maaarok kung anong klaseng kaligayahan ang pumaroon katulad nito.”

158 At ilang oras lang pagkatapos nun, habang nakapatong ang mga kamay ko sa ulo ng munti kong, sanggol na malapit nang yumao sa kabilang ibayo, at nung ilagay ko na siya sa bisig ng kanyang nanay, haya’t napasabi ako, “Oh Diyos, batid ko po na lyong pinatataas ang dagta sa loob ng mga punongkahoy, sa panahon ng tagsibol, at pinasisibol ang usbong at ang bunga, at ikinukubli ito sa lupa habang panahon pa ng taglamig. Ikaw nga’y tiyak na ang Diyos mismo. At nananampalataya ako nang buong puso ko na itong kahanga-hangang Batang Lalaki na ito na ipinanganak noon sa Galilea, dalawampung daang taon ang nakararaan, na, habang Siya’y naglalakbay roon, ayon sa mga Kasulatan, para sa akin, Siya nga ang ipinangakong Mesiyas. Anuman ang sabihin ng iba, sinasampalatayanan ko ito mismo. At batid ko na may kung anong Bagay rito sa kalooban ko, na ipinapakita ang mga bagay-bagay na parating, na may isang sobrenatural na Persona na nagpakita’t nakikita ko ang mga bagay bago pa man ito dumating. At Kanya mismo akong binabalaan bago pa man mangyari ang mga ito. Pero heto nga ako, nang walang babala, na kinakaharap ko ang mismong bagay na ito rito. Hayang nakaratay ang nanay, na patay na, riyan. At heto ang tatay na nakasalampak dito. At ngayon ay kukunin Mo na rin ang maliit kong sanggol mula sa aking mga bisig, Diyos? Iyo po bang gagawin din ’yun, na kukunin na rin pati ang munti kong sanggol?” At bigla na lang may itim na takip na tumalukbong sa akin. Alam kong ginawa nga Niya. Ano na lang kaya kung wala roon ang pinaka pangunahing kuwerdas!

159 Binulungan ako ni Satanas, “Ngayon ano pang iniisip mo? Maging ’yung munti mong sanggol, ay kukunin na rin Niya sa iyong mga bisig. Napakalupit naman!” Hayan nga ang bagong espiritu, ’yun ’yung. . . lahat ng pagka-intelektuwal.

160 Hayun nga ako noon na tumayo roon, at ’yung mga buto ko’y nangangatog nang husto. Sa isip-isip ko, “Saan na ako nito pupunta?”

161 “Kung ako sa’yo ay lalabas ako at magpapakalasing. Di ka pa umiinom sa buong buhay mo, pero kung ako’y gagawin ko ’yun, mismo. Sinabihan ka Niya na huwag, pero kung ako lang ay gagawin ko ’yun, mismo. Ipapakita ko sa Kanya kung sino ang boss.”

162 Sabi ko, “Satanas, di ko ’yan magagawa. Siya ang Boss.” Dahil nakalagak na roon ang pinaka kuwerdas. Natutuwa ako na naroon ang pinaka kuwerdas.

163 Nung mga panahon na 'yun ay naglakad ako palabas sa lansangan, at si G. Isler . . . Wala na noon ang pamilya ko. Ako nga'y papalabas na noon at maglalakad-lakad. . . Di pa ako noon makapunta sa libingan. Naglalakad-lakad lang ako sa lansangan. Pababa pa lang noon ang baha, di pa katagalan.

164 At si G. Isler ay naroon din noon sa kalsada. Lumabas siya ng kotse niya, at sabi niya, "Billy, gusto kitang tanungin ng isang bagay. Nakita na kita na umiyak ka rito sa tolda noon. Napakinggan na rin kitang mangaral. At kung papaanong ganoon na lamang ang pagkasigasig mo sa Mensaheng ito na iyong dala-dala, at iyong ibinabahagi sa mga tao. Ngayon ano na Ito para sa iyo ngayon? Iniibig mo pa rin ba Siya? Masasabi mo pa rin ba na iyo Siyang paglilingkuran?"

165 Sabi ko, "G. Isler, ipadala man Niya ako sa impyerno, Siya nga'y iibigin ko pa rin. Dahil, may kung anong Bagay nga na nailagay na *rito*, kita mo, na hindi na ito ako, kundi Siya na."

166 Kuntento na ako rito, na, nakahimlay man sa iba't ibang libingan, na may nakalibing dito, maski roon sa Walnut Ridge, na nakalibing ang aking pamilya, ang aking tatay, kapatid ko, asawa ko, anak kong sanggol, at sila'y nagbalikan na sa alabok ng lupa kung saan sila nagmula. Pero napagtanto ko ito, na sila nga'y narito na noon pa man nung lalangin ang lupa, dahil sila'y hinango mula sa lupa. Sila'y narito na noon pa man nung ang mundo ay likhain.

167 Ang mga katawan natin ay narito na bago pa man likhain ang lupa, dahil tayo'y sa lupa. Itong kabuoan natin ay binubuo ng calcium, potash, petrolyo, kosmikong liwanag, mga atom, na lumalakip sa ating kabuoan. At sa ano't anumang paraan, sa pamamagitan ng isang dalubhasang Kaisipan, tayo'y nilalang sa kung papaano nga ba tayo. Di nga kung anong sangbuntong lang ng potash, at calcium, at petrolyo, bagkus may kung anong Bagay na naparito sa loob natin at nagsimulang lumikha, at heto nga akong nalikha akong maging ganito.

168 Sa pasimula, ang Espiritu Santo'y nagsimulang lumukob noon sa ibabaw ng mapanglaw na disyerto; pasensya na po sa mga emosyon ko; pero heto ngang nung panahon na 'yun na walang anuman ang naroon, at di pa nga nagkakaroon ng kahit anuman noon. Pero heto nga ang Espiritu Santo na ipinadala mula sa Diyos; hindi ng kung anong pagka-intelektuwal. Kundi Espiritu Santo na ipinadala mula sa Presensya ng Diyos, para makipagniig nang may pagsinta sa ibabaw ng lupa.

169 At, nung magkaganoon na, Kanyang iniunat ang Kanyang malalapad na mga pakpak sa sangkalupaan, at nagsimulang makipagniig nang may pagsinta, o lumukob, o bumulong nang marahan sa ibabaw ng lupa. Nakikinita ko nga ang calcium at ang potash na naglalakip na magkasama, at may mumunting bulaklak ng liryo ng Pagkabuhay na umusbong. Pinausbong ng

Espiritu Santo ang lahat ng 'yun mula sa lupa. At patuloy Siya sa paglukob. At sa pagbulong Niya nang marahan at paglukob, nakikinita ko unti-unti ang mga punongkahoy na nagsisitubo, ang mga ibon ay nagsisimulang magsiliparan mula sa lupa, ang mga hayop ay nagsisimulang magsilakaran.

<sup>170</sup> At tapos nagpatuloy Siya sa pagbulong nang marahan, at ang tao ay lumitaw, tinawag na Adan. At si Adan ay tila ba mukhang malungkot na nag-iisa, kaya Siya'y gumawa roon ng kakambal na likha mula sa orihinal na produkto para sa taong 'yun, at humugot ng tadyang sa tagiliran ng tao at ginawa 'yun na maging kasintahan niya, si Eba. At mahal na mahal Niya si Adan at mahal na mahal Niya si Eba. At dinala Niya sila . . .

<sup>171</sup> At nakikinita ko ang munting si Eba, habang isinasandal niya ang munti niyang ulo sa balikat ni Adan. At siya nga'y ang lahat ng inaasam ng isang babae na maging, at higit pa. At habang nakasandal siya roon sa malaki't, matikas na balikat ng kanyang sinisintang, si Adan, haya't naglakad-lakad sila sa loob ng halamanan, marahil, siguro pa nga'y, may—may leon na umatungal. Si babae nga'y di siya maaaring makaramdam ng takot, dahil walang pagkatakot doon. Kaya ang sabi ni lalaki, "Sinta, 'yan ang leon. Sige't tatawagin ko. Leo, ang leon, halika rito. Cheetah, ang tigre, lumapit ka rin dito at humiga." At ang mga 'yun ay sumusunod sa kanila, na parang mga kuting.

<sup>172</sup> Unti-unting umihip ang hangin, at 'yung buhok ni munting Eba ay nagsimulang mahipan. At sabi niya, "Ooh, ang hangin na 'yun."

<sup>173</sup> "Pumayapa ka, tumahimik ka." At tumalima kay lalaki ang mga hangin. Siya kasi ang anak ng Diyos. Ang babae naman ang kanyang sinisinta.

<sup>174</sup> At heto rin na nauulinigan kong sinasabi niya, "Mahal, nakikita mo ba 'yang paglubog ng araw? Ito na 'yung oras na makikipag-usap na tayo sa Ama."

<sup>175</sup> Kaya, nagpunta na sila roon sa katedral, sa malaking Puno. At habang lumuluhod sila roon, bigla na lang, may Makalangit, na nagniningning na Liwanag na bumaba, ang Logos. Yaong mismong Espiritu Santo na nagpalitaw sa kanila mula sa lupa, ay hayang bumaba; ang Ama, Diyos. At ang sabi Niya, "Mga anak, kayo ba'y nasiyahan sa araw na ito?"

"Opo, Ama."

<sup>176</sup> "Heto Akong bumaba para hagkan kayo para magsabi ng 'magandang gabi,' at para pahigain na kayo para magpahinga na kayo, sa gabing ito." Kanyang hinagkan sila sa may pisngi, at inihiga na sila. Walang makakapanganib sa kanila. Siya'y naroon mismo sa mga halaman kasama nila. Ang leon, inihiga Niya ang leon. Inihiga Niya si Cheetah, ang tigre, para matulog. Siya ang naghihiga sa kanilang lahat, para magpahinga. At ang Ama ay nalugod nang husto.

<sup>177</sup> Pagkatapos ang kasalanan, sa pamamagitan ng kaalaman, ng pagiging intelektuwal. . . Umaasa po ako na nakukuha n'yo ito. Sa pamamagitan ng pagiging intelektuwal, ang kasalanan ay pumasok sa mundo, sa pamamagitan ng pagpupumilit na makasumpong pa ng mas maningning na liwanag, maglalabas ng kung anong bagay na wala naman sa Salita ng Diyos. Sinabi na ng Diyos, "Sa araw na kumain kayo niyaon, sa araw na iyon ay mamamatay kayo." Pero heto nga si Eba na nag-asam ng kung anong bagay na bago.

<sup>178</sup> Oh, nakikita n'yo ba, na mismong galing sa puso ko, na di ko tinatangka na maging laban sa kahit sino? Ang sinisikap ko lamang dito ay mailatag, nang makita nang tahasan, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang Salita, wala na ngang iba pa kundi ito lamang; hindi nga kung anong pambihirang mga bagay, at naglalakihang mga simbahan, at pagka-intelektuwal, kundi ang makinig sa Isa na 'yun na nagpalitaw sa atin mula sa lupa.

Pumasok ang kasalanan.

<sup>179</sup> At ngayon, mga kaibigan, kung ang Espiritu Santo lang ang tanging instrumento na ginamit ng Diyos para tayo'y palitawin mula sa lupa. At tayo nga'y nanggaling mismo sa lupa. At tayo ay narito na bago pa man magkaroon ng mundo. Tandaan, heto nga ang isang bagay na magpapatibay ng inyong loob na mga ipapanalangin. Kung ang Espiritu Santo, sa pamamagitan ng paglukob, ay naglikha nitong pisikal na katauhan, sino ngayon ang arkitekto ng ating mga katawan?

Oh Diyos, nawa'y makita ito ng mga tao!

<sup>180</sup> Ang Espiritu Santo ang nagbigay sa inyo ng inyong apendiks, ng inyong mga mata, ng inyong ilong, ng inyong bibig, ng inyong puso. At naglagay ng bagong espiritu sa inyo, at pagkatapos ay dumating para manahan sa inyo. Kaya huwag na huwag, kahit anumang mangyari, huwag na huwag n'yong tatanggapin ang mga intelektuwal na bagay, mga teolohiya, na salungat sa Biblia, bagkus manatili lamang sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON. "Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsuway. Sa pamamagitan ng mga latay Niya ay gumaling tayo."

<sup>181</sup> Nilukuban ng Espiritu Santo ang Sarili Niya mismong katawan, upang panahanan, si Jesus Cristo; nung Kanyang liliman si Maria at lumikha, o nagpalitaw, ng isang selulang Dugo sa loob ng sinapupunan, na nagluwal sa Anak, kay Cristo Jesus; kung saan ang Diyos Mismo ay nagtabernakulo, sa lupa, sa loob ng tatlumpu't tatlo at kalahating taon. At ginawang kabayaran para sa ating mga pagkakasala, para tubusin tayo, at maghatid ng pagkakasundo sa pagitan ng tao na napahamak at ng banal na Diyos, para hagkan sila't ipagkasundo sila na mailakip. Na, sa panahon na ang gabi'y malamig na, na ang



araw ay lumulubog na sa ating ulo, sa panahon na ang lakbayin ko sa buhay ay natakbo na't ang aking takbuhin ay tapos na, heto ngang ninanais ko na Siya ang humagkan sa akin sa aking pagtulog, gaya ng ginawa Niya noon kay Esteban nung siya'y kamay sa kamay na pinagtulungan at sinukol. Ang sabi niya, "Nakikita kong bukas ang langit, at si Jesus ay nakatayo sa kanan ng Diyos." Hayan nga.

<sup>182</sup> Ngayon, papaano nga 'yung ganito? Na kung ang Diyos ang may gawa sa atin sa kung ano tayo ngayon, nang wala tayong kaalaman na kahit ano sa kung ano ang nangyayari. Na kung ginawa nga ako ng Diyos, na maging isang tao, at itinakda na ang sapat kong edad bago pumasok ang kamatayan . . . Na sa edad na dalawampu't tatlo, ako noon ay malakas at malusog. At kung di nakialam si Satanas . . . Sinubukan niya noon na pilayin ako at pabagsakin ako sa pamamgitan ng pamamaril, at marami pang bagay. Pero ang Diyos nga'y sinigurado . . .

<sup>183</sup> At kayo, sa pagiging kabataan n'yo noon, at sa pagiging maganda n'yo noon, kayo—kayo na mga kababaihan na ngayon ay tumanda na. At sa inyo na mga kalalakihan na dati-rati'y kabataan, at malakas, at malusog. At hayan nga na nagtamasa kayo ng mabuting kalagayan sa pagiging kabataang lalaki, at kasama ng inyong munting katuwang. Kung ang Diyos nga'y ipinangyari ang mga bagay na 'yun nang wala kayong anuman na boses dito; hindi n'yo nga sinabing, "Gawin Mo po akong ganito." "Sino sa inyo na dahil sa pagkabalisa'y makadaragdag ng isang siko sa sukat ng kanyang buhay?"

<sup>184</sup> Pero kung nagawa nga Niya kayo na maging ganyan, nang wala kayong anuman na iminungkahi rito, gaano pa kaya na Siya, sa pamamagitan ng Kanyang paglukob, ay binigyan kayo ng—ng pagpili. At kayo'y nasa kalagayan na may kalayaan na makapagpasya sa sarili. Magagawa n'yo ngang tanggihan Ito, o magagawa n'yo rin namang tanggapin Ito. Ang tanggihan Ito, ay pagkapahamak, at pagkapanatili sa potash, at calcium, at petrolyo. Pero, ang tanggapin Ito, at ang magkaroon ng bagong puso, bagong espiritu, at Kanyang Espiritu; bahagi ng Logos, sa loob n'yo, na kinukontrol ang inyong mga emosyon! At sa pagbulong nga Niya nang marahan sa pamamagitan ng Salita Niya, kayo'y bubulong pabalik, bilang tugon n'yo sa Kanya.

"Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

"Amen, Panginoon."

"Ako ang Panginoon na nagpapagaling ng lahat ng inyong mga karamdaman."

"Amen, Panginoon."

<sup>185</sup> Ganoon na lamang na ibabangon Niya kayo, kahit tangayin pa ang inyong katawan mula sa silangan patungong kanluran, ng hangin! Ganoon na lamang na itong Espiritu Santong ito,

matapos ang ganap na pagkawasak, sa pamamagitan ng bomba atomika na ito na ibabagsak sa lupang ito isa sa mga araw na ito, na lilikha ng mga butas, at pasasambulatin siya patungo sa kalawakan. Pero ang calcium at ang potash ay mananatili rito. At pagkatapos ang Espiritu Santo ay lulukob uli. Bawat buto ay durugtong sa buto, bawat bahagi ay durugtong sa bahagi, at hayan nga sa panahon na 'yan ang Iglesya ng buhay na Diyos na tatayo sa huling mga araw.

<sup>186</sup> Mga kaibigan, sa pamamagitan lamang ng paglukob, o ng marahang bulong ng Espiritu Santo na inyo itong magagawa, na gaya ng ipinangako ng Diyos na ibabangon kayo, habang inyong pinakikinggan ang Kanyang Tinig, ang banayad, na munting Tinig na 'yun na bumubulong sa kalaliman ng inyong kaluluwa.

<sup>187</sup> At, mga kaibigan, sa pagtatapos, sa kaunting sandali na lamang na ito. At heto ngang ninanais ko na magbulay kayo nang malalim at nang may sinseridad. Tayo'y lilisan na, isang araw. At bakit, oh, sana'y sabihin n'yo sa akin, bakit n'yo pa tatangkahin na tumanggap ng isang bagay na huwad, na kung anong teolohiya ng iglesya, ng kung anong pagka intelektuwal, ng kung anong mga emosyon, ng kung anong bagay na kontra, samantalang ang pentecostal na papawirin ay nag-uumapaw sa dalisay na Pagpapala, ang tunay na Espiritu ng Diyos na kumukontrol sa inyo at pinagiging tunay na Cristiano kayo. Di n'yo na nga kailangang manggaya ng isa mang bagay; kayo'y pinaging anak na ng buhay na Diyos. Kaya bakit pa, sabihin n'yo sa akin, bakit pa kayo magpupumilit na tumanggap ng kung anong bagay na iba, samantalang ang Diyos ay handa't naghihintay, at dinala na kayo nang ganitong kalayo; at haya't nagsusumikap na makipagniig nang may pagsinta sa inyo, sa pamamagitan ng Espiritu Santo; ang tatanggapin n'yo ba'y isang deklarasyon na lamang ba ng mga kredo't, kung anu-ano pa, para subukang makapunta sa Langit, o kung anong bagay na pambihira, isang emosyong pangkaisipan, na di man lang kinikilala sa Biblia?

<sup>188</sup> Magagawa n'yo na bang tanggapin Ito? Oh, bayan ng Diyos, magsiluhod sa inyong mga tuhod at sa inyong Diyos! Ang Diyos nawa'y mahabag, 'yan ang dalangin ko, habang nananalangin tayo.

<sup>189</sup> At habang nakayuko po ang ating mga ulo, sa taimtim na sandaling ito, na marahil, sa sandaling ito mismo, mananahan na sa inyo, sa iglesyang ito, sa marami sa mga narito. . . Inyong bulayin ito nang malalim. Huwag n'yo pong hayaan na mababaw na pagbubulay lang ito. Kayo ba'y nakikipagniig na nang may pag-ibig sa Espiritu Santo? At 'yang—'yang espiritu bang 'yan na nasa inyong buhay, na nagpapatiktak sa inyong mga emosyon, ay saktong nasa Biblia ba mismo? Kayo ba'y may taglay ng pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan? Ang materyales ay di sinusubok. . .

Pakinggan n'yo po, habang nananalangin kayo.

<sup>190</sup> Ang materyales ay di sinusubok sa pamamagitan ng kung gaano bang karami ito, kung gaano bang kalaki ito; gaano man ang laki ng isang simbahan, 'yan po ang ibig kong sabihin dito, kita n'yo. Hindi ito sinusubok sa pamamagitan ng kung gaano bang karami ito, bagkus sa kalidad nito. Sinusubok ang metal sa kung gaano bang katibay ito. At ang iglesya ay di sinusubok sa kung gaano bang kalaki ang simbahan, o kung gaano bang karami ang mga miyembro. Sinusubok ito sa pamamagitan ng tibay nito, sa pamamagitan ng Biblia. Nagagawa nga ba nitong makapagsabi ng "amen" sa bawat pangako na ipinangako ng Diyos? Nagagawa ba ng buhay mo na kumilos? Nang may kabutihan, at kaamuhan, kagandahang-loob, pagtitiis? Ano nga ba sa tuwing may bagay na nanggugulo sa iyo? May maliit na ruweda nga riyan, na tumitiktak, pinapanatili na kontrolado pa rin ang situwasyon. Ang Kanyang pag-ibig ay kumikilos na sa kaibuturan ng iyong puso. O nagpapanggap ka lang na nasa inyo ang bagay na ito?

<sup>191</sup> Oh, bulayin n'yo ngayon. At habang nagbubulay kayo nang may kataimtiman at ang Espiritu Santo'y nakikipag-ugnay sa inyo, lumulukob sa inyo, nagsasabi, "Anak Ko, nakikipag-usap Ako sa iyo."

<sup>192</sup> Ngayon, sa Pangalan ni Cristo, habang nakayuko ang mga ulo n'yo sa harap ng Diyos, hindi sa akin, magagawa n'yo bang itaas ang inyong kamay? Sabihin, "Diyos, Iyo pong ilagay ang Iyong Espiritu sa akin. Heto po ang kamay ko." Pagpalain ka ng Diyos. Maraming, marami pong mga kamay.

<sup>193</sup> At, Ama, Diyos, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na Iyong Anak, na sa tuwina'y lumulukob, nag-aanyaya, bumubulong, ang Espiritu Santo, hinihiling ko sa Iyo, sa araw na ito, Ikaw nga'y dumako na sa Iyong puwesto sa puso ng bawat tao na nagtataas ng kanilang kamay. Ipinahihwatig po nila sa Iyo na Ika'y kailangan nila. Oh, sadya ngang kailangan na kailangan Ka nila! At kung mapagtatanto nila ito ngayon, papaano na kaya sa oras na ang puso nila'y pumalya na sa pagtibok? Paano na kaya sa oras na mararamdaman na nila ang malamig na ulap ng kamatayan na palutang-lutang na? Gaano pa kaya na kakailanganin nila na kikilalanin ito sa oras na 'yan! At ano po ba kami? Saan po ba kami nanggaling, at saan kami patutungo?

<sup>194</sup> At, Ama, pagod na pagod na po kami sa mga panggagaya sa buhay Cristiano. Ikaw nga'y lumikha po sa amin, Panginoon, sa oras na ito, ng bagong puso, ng bagong espiritu. At Iyo pong ilagay ang Iyong Espiritu, batay sa Salita ng Iyong propeta, sa gitna ng aming bagong espiritu. At Iyo pong kontrolin kami gamit ang pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kagandahang-loob, pagtitiis, at pananampalataya. At ang lahat na mga bunga na ito ng Espiritu ay masumpungan

sa amin, habang may pagpapakumbabang itinatagubilin namin ang aming mga sarili, ang aming mga kaluluwa, ang kaloob-loobang bahagi. Ang buhay na ito mismo na nagkalap ng lahat ng makalupang potash, at calcium, at petrolyo, na maglakip-lakip, at nanghahawakan dito nang sadya; na sa paglisan nga nito, kami'y manunumbalik sa alabok. At aming isinusuko ang aming espiritu; isinusuko namin ang mga ito sa Iyo. At sa amin ay lumikha Ka ng tamang uri ng espiritu. At itulot ang Espiritu Santo, ang Iyong Espiritu, na kumtrollin kami, at pangunahan kami at gabayan kami, habang patuloy kami sa paglalakbay.

<sup>195</sup> Iyong pagpalain ang mga minamahal na mga taong narito. Pagalingin ang karamdaman na nasa gitna namin, Panginoon, siyanga rin. At nawa'y masambit namin, sa paglisan namin sa gusaling ito sa umagang ito, "Napakabuti nga sa amin na kami ay nakaparoon. Ang Espiritu Santo'y gumawa sa amin, na heto ngang magbabago sa aming mga emosyon, na ibubunsod kami na maging iba nang tao kumpara sa kung ano kami nung kami ay pumasok dito."

<sup>196</sup> Iyo pong papanumbalikin ang pag-asa na nasa mga banal. Iyong papalakasin sila, Panginoon, para sa araw na paparating. Oh, ang mais ay nasa tamang gulang na. Si Jesus ay parating na para sa pag-aani't di na magtatagal. At ipinapanalangin ko ang pagpapala na ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>197</sup> [Huminto pansumandali si Kapatid na Branham at ang piyanista ay tumutugtog ng *I Need Thee*—Pat.] Sa palagay ko po'y mas mainam kung mananatili tayong taimtim, nang ilang sandali, habang ang piyanista ay tumutugtog.

Kailangan Kita, oh, kailangan Kita!

<sup>198</sup> Iniisip ko nga kung ano kaya ang iniisip ni Georgie nung isang gaging 'yun, nung umalis na siya't naroon ang kapatid niyang patay na; noon ngang mga sandali na naglalakad na siya dun sa kalsada at bigla na lang niyang naramdaman 'yung puso niya na pumapanglaw palayo, na nagdidilim ang harapan niya; habang nakasalampak siya roon sa upuan sa harap niya, na iiwan na niya ang kanyang asawa't mga mahal sa buhay?

Bawat oras ay kailangan Kita;  
Oh bless me now, my Saviour!  
I come to Thee.

Awitin po natin, nang sama-sama.

I need Thee every hour,  
O . . . (Sa bawat isa!)  
. . . when Thou art nigh.

I need Thee, oh, I need Thee;  
Every hour I . . .

Itaas po natin ang ating mga kamay sa Kanya.

Oh bless me now, my Saviour!  
I come to Thee.

199 Oh dakilang Jehovah, Ikaw po'y kumilos na ngayon. Iyong tatakan ang bawat isa ng Iyong Espiritu. Iyong ilagay sa aming mga puso ang Bagay na 'yun na matagal nang panahong kulang sa amin. Iyong ipagkaloob ang tagumpay na 'yun, Panginoon, ang pananagumpay na 'yun ng pananaig na siyang kailangang-kailangan namin nang lubos. Iyo po bang gagawin ito, Ama? Kami po'y naghihintay sa Iyo. At ngayon dumadalangin kami sa Pangalan ni Jesus. Amen.

200 Iniisip ko ngayon, mayroon kayang narito na nagnanais na maipanalangin? May ginang na tumawag sa akin na mula pa ng New Albany, at may isa po. May ginang po na tumawag sa akin na mula pa ng New Al- . . . Sige po. Sige po, na naparito mismo para maipanalangin, kung magagawa mo . . . habang tayo . . .

Sige't ituloy mo lang ang awiting tinutugtog mo, kapatid na babae.

201 At, siyanga rin, na sa gilid na ito rito, para po sa pila para sa pananalangin. Kung magagawa n'yo na maging mapitagan lamang po nang ilang sandali. Pumila rito, dito sa kanang gilid dito, para makapanalangin tayo para sa mga nangangailangan.

. . . side of Jordan,  
In the sweet fields of Eden  
Where a Tree of Life is blooming,  
There is rest for . . . ? . . .  
Jesus breaks every fetter,  
When He sets you . . .

202 Pakisuyo naman ng silya, sige po, para sa kapatid na lalaki rito, kung gusto niyang maupo. Gusto mo bang maupo, kapatid na lalaki?

I will ever, ever praise Him,  
I will ever, ever praise Him,  
I will ever, ever praise Him,  
For He sets me free!

203 Ngayon, ano nang kasunod? Sila rito na nakatayo sa pila rito ngayon, para maipanalangin, na dumulog dito nang may pagpipitagan batay sa kanilang sariling pananampalataya, na nagsisisampalataya. Sila'y naparito para sabihin na ang Alak ay naisalin na sa bagong mga sisidlan, na nakahanda na silang magsabi ng "amen" sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

204 Sinabi na mismo ng Biblia, na GANITO ANG SABI NG PANGINOON, "Kung mayroon mang sinuman sa gitna ninyo, na may sakit, ay ipatawag ang mga matatanda, pahiran sila ng mga matatanda ng langis, at ipanalangin sila." Ang panalangin na may pananampalataya ay magliligtas sa mga may sakit. At heto rin, na nasusulat sa Kasulatan, "Ang mga tandang ito ay lalakip

sa kanila na mga nananampalataya; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit; sila'y magsisigaling." At tayo nga'y tinuruan na gawin ito, at isinasaayos ng Espiritu Santo, na ito mismo ang itinalagang pagmi-ministryo ng Diyos para sa mga nangangailangan.

<sup>205</sup> Hindi ibig sabihin na ang indibiduwal, na nananalangin, ay kinakailangan na isa siyang santo o isang anghel. Ang ibig sabihin lang nito ay 'yung tao, na lumalapit, ay kinakailangan niya ng pananampalataya, na kanilang taglay mismo sa sarili; na ang Espiritu Santo at ang Kanyang banayad na bulong, sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ay may inihulog na kung anong munting bagay roon, na nagbunsod sa kanila na sila'y makasampalataya na Siya'y lulukob sa ibabaw nila hanggang sa sila'y gumaling.

<sup>206</sup> Gaya nga ni Abraham ng sinaunang panahon, noong ang Diyos ay magpakita sa kanya sa pangalang El-Shaddai, ang dibdib, ang dibdib ng isang babae, kung ihahambing. At ang sabi, "Abraham, sandaang taon ka na, pero Ako nga itong 'Isa na nadidibdiban.' Sumandal ka lang sa Akin, na gaya ng isang sanggol, at makandili, at patutunayan Ko ang Aking Salita."

<sup>207</sup> At si Abraham, sa pagiging sandaang taong gulang na niya, siya'y sumandal sa dibdib ng Diyos; siya at si Sarah yamang sila'y iisa, siyanga, na nagsimulang pag-aralan at magpalukob, at tanggapin ang Salita ng Diyos. At anong nangyari? Siya nga'y ipinanumbalik ng Diyos na maging kabataang lalaki, siya at ang asawa niya, at sila'y nagsilang ng isang anak, si Isaac; na mula kay Isaac ay naisilang si Cristo, na Siyang nagpala sa mundo. Heto nga siya na pinaging ama ng mga bansa.

<sup>208</sup> Dahil, "Tinawag ni Abraham ang mga bagay na 'yun," pakinggan n'yo po, "na tila wala pa." Itong kaso ng Makalangit na kagalingan, kay Abraham, ay wala pang . . . Nung tanggapin niya ang pangako, umabot muna ng dalawampu't limang taon bago mangyari; dalawampu't limang taon. Nung si Abraham ay pitumpu't limang taon, siya'y pinangakuan; sangdaan na, nung ang sanggol ay maisilang. Pero, sa buong dalawampu't limang taon na 'yun, tuluy-tuloy pa rin ang pakikipagniig niya nang may pag-ibig sa Espiritu Santo na humango sa kanya mula sa lupang 'yun, at tinawag mismo ang Salita ng Espiritu Santo na, "Tama!" Tinawag ang mga bagay na kung tutuusin ay hayun naman ang mga ito, na wala ang mga ito, dahil ang mga bagay na 'yun ay salungat sa Salita ng Espiritu Santo. Siya'y pinaging kabataang lalaki, at nagsilang ng sanggol.

<sup>209</sup> Ngayon, ganoon nga dapat tayo dudulog. Tayo ang Binhi ni Abraham. At tinawag natin itong mga bagay na ito, na mga sintomas, ating mga kadalambahatian, ating mga karamdaman, na ang mga ito'y tila wala nga, dahil tayo'y tumatalima sa kung anong sabihin ng Espiritu Santo, sa pamamagitan ng propeta, ng

tagakita, na sabihing Katotohanan nga. At lahat ng mga tao sa pagdaan ng mga kapanahunan, ay tinanggap ito, at mabuti ang kinahihinatnan, sa bawat pagkakataon.

<sup>210</sup> Ngayon tinatawag natin ang mga bagay na ito na “tama,” at tinatanggap ang mga ito bilang sarili nating pag-aari, at tumutugon nang may pagsinta sa Espiritu Santo, “Ang Salita Mo ay katotohanan. Tatanggihan ko ang kung anong sintomas na ‘yan, at kung ano pa. Nananampalataya ako na Iyo akong pagagalingin. Dahil, ang Iyong Salita, Panginoon, ay nagsasabi, ‘Ang panalangin na may pananampalataya ay magliligtas sa maysakit, at ibabangon sila ng Diyos.’ Ganoon mismo. Yun ang Katotohanan.”

<sup>211</sup> Iniisip ko po, sa umagang ito. . . alam kong si Kapatid na Jackson; narinig ko siyang nagsabi ng “amen,” diyan sa likod kanina. At iniisip ko nga kung may iba pang mga ministro rito, sa umagang ito, ang nananampalataya sa Makalangit na pagpapagaling, na nagnanais na lumapit, tumayo rito kasama namin, para sa mga taong narito. Sila’y mga kapatid na lalaki’t kapatid na babae n’yo kay Cristo. Ninanais n’yo bang pumunta rito at manalangin kasama namin, habang ang ating pastor ay pumupunta na sa unahan, dito, para siya’y makapanalangin sa umagang ito para sa mga maysakit. Kung may ilan pa sa inyo, sige po’t lumapit lang, tumayo kayo sa lugar n’yo rito kasama namin, habang magsisilbi tayo sa—sa mga nangangailangan sa gusaling ito sa umagang ito. Sinuman sa inyo na mga ministro na nagnanais na lumapit pa rito. At sa palagay ko’y nakikita ko si Teddy riyon, kani-kanina, kung di ako nagkakamali. At sa iba pa na mga ministro, sinuman po kayo, di na ‘yun mahalaga; kami nga’y nagagalak na kayo’y makaparito sa harapan, kung kayo po’y isang mananampalataya, para ipagkaisa ang inyong pananampalataya sa amin, habang nananalangin kami para sa mga nangangailangan.

<sup>212</sup> Ngayon, hinihiling ko sa mga nakatatanda sa iglesya, sina Kapatid na Higginbotham at sila na mga nakatayo sa dako rito, na palakarin nila ang pilang ito rito, habang mananalangin tayo sa kanila, at kami’y magmiministeryo sa mga daraan dito.

<sup>213</sup> Ngayon, mga kapatid na ministro, sige po’t lumapit lang kayo *rito*, kung mamarapatin n’yo. Mananalangin tayo para sa dalawang tao rito na nakaupo sa silyang de gulong, unang-una, pagkatapos magmiministeryo tayo sa mga iba pa.

<sup>214</sup> At bawat isa rito na may pakikipag-ugnay sa Panginoong Jesus, (at nararapat lamang na mayroon kayo, sa umagang ito), gusto ko pong samahan n’yo kami. Ano po kaya kung sila rito ay. . . At marahil ang kapatid na lalaki n’yo po ang narito, ang kapatid n’yong babae, ang tatay n’yo, ang nanay n’yo, at may pagnanais nga kayo na gumaling sila. At ang pananampalataya n’yo mismo ito, ang paghahayag ng inyong pananampalataya,

na naglalabas ng lakas na gaya sa isang malakas na dynamo, sa dako rito, na magpapababa sa Kaluwalhatiang Shekinah ng Diyos, na nagpapahid sa isang indibiduwal na magkaroon ng pananampalataya. “Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, sa pakikinig ng Salita.”

<sup>215</sup> Ngayon ang Espiritu Santo ay narito para pumasok, o ang Salita ng Diyos na maipasok sa inyong puso, na tinanggap n’yo. At sa ganoon nga, siyanga, na sa pagsampalataya n’yo Rito, ay kayo ay lumalapit.

<sup>216</sup> Ngayon ano ang tungkulin ko, at ng mga ministro rito? Ang makapagpatong ng mga kamay sa inyo. “Ang pananalangin na may pananampalataya ay magliligtas sa mga maysakit,” sabi ng Diyos.

<sup>217</sup> Kaya naman kinakailangan n’yo lang na tanggapin ‘yun, at makipagniig na may pag-ibig sa Espiritu Santo. “Oh Espiritu Santo, ang Iyong Salita ay katotohanan. Wala na akong sakit, siyanga. Bumubuti na ang aking kalagayan, sa paglaon. Ako’y nagpapasalamat sa Iyo, Makalangit na Ama, dahil sa kabutihan Mo po sa akin. Patuloy ang pag-igi ng lagay ko, bawat oras, bawat oras.” Masdan n’yo nga kung anong mangyayari, habang kayo—habang kayo ay nakikipagniig na may pag-ibig, habang lumulukob kayo bilang tugon sa Espiritu Santo na lumulukob sa inyo, sa pamamagitan ng Salita.

Ngayon mananalangin na ako, tapos magpupunta na kami, magpapatong ng mga kamay.

<sup>218</sup> Ngayon, Diyos Ama, Iyong nakikita ang pangangailangan, at ganoon na lamang katiyak na kayang-kaya Mong tugunan ang bawat pangangailangan; Ikaw, Na may kakayahang iligtas si Daniel sa yungib ng mga leon; at ang mga binatang Hebreo na mailigtas sila mula sa naglalagablab na hurnong ‘yun; na may kakayahang buksan ang Dagat na Pula, at nang sa ganoon ang mga tao’y makapaglakad sa tuyong lupa; may kakayahan na ibangon si Lazaro mula sa patay; at dalhin si Elias sa Tahanan, sa isang karwahe. Oh Diyos, kailanman ay hindi Ka nabigo.

<sup>219</sup> At narito po ang mga bagong sisidlan na ito na may laman nang bagong Alak, heto sila na may bagong pag-asa’t bagong Buhay, na dumudulog sa harapan sa umagang ito para sila’y mapahiran, para mapatungan ng mga kamay, bilang paggunita sa Salita.

<sup>220</sup> At, Ama, tumatayo kami rito bilang kalalakihan, na aming ipapatong ang aming mga kamay, gaya ng Iyong iniatas sa amin. “Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila’y magsisigaling.” Ang atas na ‘yun ay ganoon ang halaga, sa Ebanghelyo, kung papaanong ipinapangaral sa Ebanghelyo na, “Ang sumasampalataya at ang mabautismuhan ay maliligtas.”

<sup>221</sup> At dalangin namin, Ama, na Iyo pong ipagkaloob na ang Iyong Salita ay matupad sa araw na ito. Habang kami, batay



sa pagpapahayag na ito ng mga taong narito, na inihahayag nila nang tahasan ang kanilang pananampalataya, na ito'y masubok laban sa kapangyarihan ng diyablo. Iyo pong pahayuin sila, na magaling na, bawat isa, sa Pangalan ni Cristo.

<sup>222</sup> Sa pagkakayuko ng inyong mga ulo, habang lalakad na kami papalapit ngayon para magministeryo sa mga ito.

<sup>223</sup> Ang minamahal nating kapatid na babae, sa pagbubuklod sa Panginoong Jesus. Bilang mga ministro ng krus, kami ngayon, bilang mga Makalangit na mga kabahagi ng Kanyang pagpapala sa muling pagkabuhay. Sa paggunita sa Kanyang Salita, humihiling kami na lisanin ka na ng kasamaan na 'yan, sa Pangalan ni Jesus. At gumaling ka na nawa. Ang iyo nawang pananampalataya ay di mauga. Bagkus, humugot ka mula sa Diyos, sa paanyaya ng Espiritu Santo. Ang Iyo pong Lakas, na nagpalitaw sa iyo kapatid mula sa alabok ng lupa, at naglagay ng bawat sangkap ng iyong katawan; Siya'y ganoon na lamang ang kakayahan na ipanumbalik sa ayos ang Kanya mismong nilikha, na sinira ni Satanas. Aming iniharap ka sa Diyos, bilang isang mananampalataya, sa Pangalan ng Kanyang Anak, na si Jesus.

<sup>224</sup> At ang kapatid naman naming lalaki, na pinapatungan po namin ng aming kamay, kalakip ang ganoon ding panalangin, sa harap ng Diyos naming Ama, at sa pamamagitan ng pahid ng Espiritu Santo, at sa atas na ito na ang mga bagay na ito'y magampanan. Kami, bilang nananampalatayang mga ministro, aming iniharap ka sa Diyos, sa Espiritu Santo, Na humugot sa iyo mula sa lupa, at inilagay sa iyong katawan ang bawat bahagi nito. At nakikita nga namin na si Satanas ay pumariyan at ginulo, sinira ang iyong katawan, kaya naman...?..Na sa pamamagitan ng...?..sa mga taong naparito't dumudulog sa altar na ito. O, sa pamamagitan ng bagay na...?..Hinihiling namin na pagkalooban ka ng Diyos...?..Batay sa matapat na tungkuling ito. Ipinapatong namin ang aming mga kamay sa iyo, sa paggunita sa Salita, na di man namin talos ang iyong puso, pero hinihiling namin sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na nagpalitaw sa iyo mula sa lupa, na ibalik ka sa tama mong pagkakaayos, o palakasin ang mahihina't, malubhang mga bahagi ng katawan mo, at ibalik ka muli sa...iyong ganap na kalusugan, sa Pangalan ni Jesus.

<sup>225</sup> Minamahal naming kapatid na babae...?..ipinapatong namin ang aming mga kamay sa iyo at hinihiling na...?..at ang babae'y di na...?..ang Espiritu Santo...?..sa darating na araw...?..na sa pagpupuri na lamang sa Diyos. Ngayon, aming kapatid na babae, habang nakatayo kami rito na ang aming mga ulo'y nakayuko at hetong hinihiling namin sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na ipadala ang Logos mula sa pasimula...?..at 'yung iba't ibang kulay roon...?..Kaming lahat ay...kaming lahat ay dumadalangin para sa isa na 'yun na...?..At ngayon itinatagubilin namin sa Espiritu Santo na

ang maihayag namin ay sa Diyos...?... na sa Kanya'y isang iglesya na walang bahid at...?... ng mga araw na 'yun, na ang Nobya ay ipanumbalik... Oh, Espiritu Santo, nawa...?... at idinadalangin ko sa babae pong ito ang kanyang kalusugan at lakas habang inihahabilin namin siya sa Diyos, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>226</sup> Diyos na Makapangyarihan na pinaka makapangyarihan sa lahat, ang nag-iisang walang katapusan, na nasa lahat ng dako, ang pinaka makapangyarihan, Ikaw na pumupuno sa lahat ng dako! Ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kapatid po naming babaing ito, itinatagubilin siya sa Iyo, kalakip ang siya ring panalangin na ipinanalangin namin sa iba pa, na Ikaw nga'y kikilos sa katawan niya, para sa anumang kakulangan at hayan ngang puwersahang ninakaw ng diyablo. At...?... para sa kaluwalhatian ng Diyos.

<sup>227</sup> Ama, Diyos, sa ganoon ding paraan ay ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kapatid naming babae na ito, kalakip ang siya ring pananalangin, na...?... Ang pagpapala na ito ay hinihiling namin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>228</sup> Ama, Diyos, sa katawan ng lalaking ito, na, dahil sa pagal na iniatang ng mga taon, na nagpahukot sa mga balikat niya, nagpakulubot sa mukha niya, at puminsala sa katawan niya. Pero Ikaw, Oh Diyos, sa Iyo na Espiritu Santong lumulukob, amin ngang itinatagubilin siya sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus. Na, nawa ang Espiritu Santo ay bumaling taglay-taglay ang isang dakilang pag-ibig. At magbunsod Ito sa loob namin, at amin ngang mapagkilala na Siya na kumuha sa kanya mula sa lupa, ay magagawang ipanumbalik muli sa ayos ang siya ring bagay na Kanyang nilikha!



*ANG PANGGAGAYA SA CRISTIANISMO* TAG57-0120M  
(The Impersonation Of Christianity)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Enero 20, 1957 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)